UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES
LIBRARY
1957



# Magasin ng BAGONG Buhay

HULYO 14, 1957



*Isang kalsada sa Baryo Ginopolan, Valencia, Bohol na nayari sa pagsisikap ng mga taga-nayon na rin at ng mga estudyanteng nagsasanay sa ilalim ng PACD.*

KUNG matamang susuriin ang kalagayan ng pamumuhay sa Mindanaw at Bisaya, masasabing ang limang taong palatuntunan sa pagpapaunlad sa mga nayon na ibinunsod noong nakaraang taon ay isang magandang pangarap na bago pa lamang nagkakahugis sa katotohanan.

Sa pangunguna ni Ramon P. Binamira ng **Presidential Assistant on Community Development,** isang pangkat ng mga mamamahayag sa Maynila ang naglibot sa mga purok-sanayan at proyekto ng magkakasanib na sangay ng pamahalaan sa hilagang Mindanaw at Gitnang Bisaya.

At pagkatapos ng tatlong araw na pagsusuri, umuwi ang mga mamamahayag na nagkakaisa ng palagay na mangangailangan pa ng 20 taon bago makaabot sa mahigit na 19,000 baryo sa Pilipinas ang PACD, kung magpapatuloy ang kasalukuyang mga kilusan.

Anim na kilometro mula sa Lunsod ng Butuan, sa Agusan Agricultural High School ay 84 na "estudyante" na nakasulit sa serbisyo sibil ang nagsasanay ngayon ng anim na buwan. Pagkatapos ng pagsasanay ay ipadadala sila sa ibang panig ng Kapuluan upang mamahala sa mga proyektong sasaklaw sa anim na nayon bawa't i[illegible].

Sa 23 kilometro sa hilaga ng Lunsod ng Butuan ay masiglang kumikilos ang Sanggunian sa Nayon. Doon, ang mga mamamayan ay nagpupulong, tinatalakay ang karaniwang suliranin sa baryo... pagka't nais nilang "makatayo sa sariling paa" at ayaw umasang lubos sa tulong ng pamahalaan.


At sa Sibagat, Esperanza, Agusan ay may kabubukas lamang na proyekto sa pagpapagawa ng lansangan at poso. Matatag na paninindigan at masidhing pagsisikap ang ipinamamalas ng mga taga-nayong sama-samang gumagawa nang walang bayad upang ang baryong iyon ay maging isang "huwaran".

Nguni't ang mga proyekto — pagpapagawa ng lansangan, pag-aalaga ng paminhiang mga manok, pagtatayo ng mga poso — sa Bohol ay maunlad na kung ihahambing sa mga proyekto sa Agusan. May 50 kilometro mula sa Tagbilaran, ang mga proyekto'y nakatalatag sa mga nayon.

Isa pa sa maunlad na purok-sanayan ang nasa Sebu. Ito'y itinataguyod ng mga

# PAGPAPAUNLAD SA MGA NAYON





*Isang balong igiban ng tubig ang itinayo sa Nuevo Sibagat, Baryo Esperanza, Agusan ng mga taga-nayon na rin na nagkaroon ng hangaring "makatayo sa sarili..." sa tulong ng PACD.*


MAGASIN NG BAGONG **Buhay**

Lumalabas tuwing Linggo ng umaga na kalakip ng pahayagang BAGONG BUHAY

Tanggapan: Manila Times Bldg., Florentino Torres, Sta. Cruz, Maynila

Pansamantalang limbagan: PSF Press, Sampaloc Ave., Lunsod Quezon


Namamatnugot: EDDIE BAÑOLA

MERCEDES R. MACALALAG — Pitak-Pantahanan

PETE VENEZUELA — Sa Sining

GREGORIO R. FLORENCIO — Kagawad at katulong sa Anunsiyo

BEN T. SANTOS — Potograpo


*Isang "estudyante" na nagsasanay sa pagbubungkal ng lupa sa Baryo Ampayon, lunsod ng Butuan, Agusan, sa palatuntunan ng PACD.*

pinuno ng lalawigan, ng bayan at ng mga nayon. Gaya sa Agusan, sinasanay nila ang mga "estudyante" upang mangasiwa sa malawak na gawain ng PACD.

Sa Mandawe, Sebu, dat[illegible] walang mga lansangang n[illegible] uugnay sa mga nayon, wa[illegible]lang mabuting poso-artes[illegible]no, walang mga tulay na nadaraanan sa pagtawid sa mga sapa, walang sentro ng kalusugan, at walang makabagong paraan ng pagtatanim.

Nguni't ngayon, ang Mandawe ay makapagmamalaki sa ibang bayan sa Pilipinas sa pagkakaroon ng mga kaluwagan dahil sa magkasanib pagtutulungan ng mga sangay ng pamahalaan at sa pagpupunyagi ng mga mamamayan na mapataas ang pamantayan ng kanilang pamumuhay.

At kung magkakaroon lamang ng sapat na pondo ang PACD, kung may sapat na mga tauhang maitatalaga sa mga nayon, at kung magpapakatapat sa tungkulin ang mga pinuno, marahil, sa loob ng dalawampung taong darating ay **makikilala** sa lahat ng baryo sa Kapuluan ang palatuntunan sa pagpapaunlad sa mga nayon.




*Itinatayo ng mga "estudyante" ang "Ampayon Barrio Workshop" na siyang makalulutas sa mga suliranin ng mga namamayan sa Baryo Ampayon.*



*Ilang estudyanteng nagsasanay, samantalang nagpupulong tungkol sa mga suliranin sa nayon na dapat nilang harapin. Ito'y sa Northern Mindanao Community Development Training Center, sa Agusan Agricultural High School.*

*Ito ay isa sa mga liblib na baryo sa Gitnang Bisaya na saklaw ng palatuntunan ng PACD sa pagpapaunlad sa mga nayon. Sa tulong ng mga tauhan ng pamahalaan at ng iba pang kinauukulan, ito'y nakatitig sa isang magandang hinaharap."*



# BUHAT SA MGA DIYARYO

"Inatasan ng Pangulong Garcia kahapon ng hapon si Vicente G. Bunuan, puno sa Sugar Quota Office, na magpalabas ng saganang asukal na uring 'A' na ipinagbibili sa ibang bansa upang makatugon sa pangangailangan ng mamamayan." (Hulyo 10)

*Di-kaginsa-ginsa'y naduma ng mamamayan ang pagtaas ng halaga ng bigas, asukal at iba pang mahahalagang pangangailangan. At ngayon ay kumikilos ang Pamahalaan upang lunasan ito. Kung iisipin, higit pa sa pananalantang nalilikha ng bagyo at lindol ang nagagawa ng pagtaas ng bilihin kapag sa ganito nang ganitong panahon mangyayari — panahon ng eleksiyon!*

---

"Ibinunyag kagabi ng isang pinunong mapananaligan na sa wakas ay nagpasiya ang Panguiong Eulogio Rodriguez ng Nasyonalista at Senado na makipagtunggali sa Pangulong Garcia sa kombensiyon ng Lapiang Nasyonalista." (Hulyo 10)

*Dalawang pangulo ang magkakasagupa sa kombensiyon ng Nasyonalista kapag nagkatuluyan — ang Pangulo ng Pilipinas at ang Pangulo ng Senado at Nasyonalista. Sa ano't anoman, inaasahan ng bayan na ito'y di isang palabas lamang.*

---

"Si Senador Jose P. Laurel, Sr. ay patuloy na kandidato sa panguluhan at nakatalagang pumasok sa kombensiyon ng kanyang lapian. . ." (Hulyo 10)

*Isa pa! Paano ito? Naihayag na ng Pangulong Garcia na si Laurel, Jr. ang gagawin niyang katiket sa pagka-bise. At bago pa naihayag ito'y sinabi ni Senador Laurel na uurong siya sa kanyang kandidatura kung si Jr. nga ang gagawing bise ng pangulo. Ngayon, maaaring umurong si Jr. sa pagka-bise ng Pangulo kung tutuloy ang kanyang Tatang. Ito ang masasabi namin sa mga pangyayaring 'yan: Hilo na kami!*

---

"MELBOURNE—Isang batang babae na makalawang namatay at nabubuhay pa, ang nakahigang madilat ang mga mata sa isang 'oxygen tent' ng pagamutan dito, may hawak na krus at hawak di nang kamay ng kanyang ina." (Hulyo 9)

*Ang puso nang batang ito ay minamasahe tuwing siya'y malalagutan ng hininga kaya siya'y patuloy na nabubuhay pagkatapos ng kanyang dalawang ulit nang pagkamatay. Ito'y isa pang tanda ng patuloy na pag-unlad ng siyensiya, na maaaring magwakas din sa isa pang tanda ng kanyang kaunlaran — atomic bomb! —GRF*



REHCO REHCO REHCO REHCO REHCO REHCO REHCO

Huwag maging makaluma!



REHCO Radio
Model U-C-15
Gumising sa musika sa pamamagitan ng 5-tubong REHCO CLOCK Radio

WOLFF & COMPANY, INC.
480 San Luis, Ermita, Maynila Tel.: 3-12-60
176 Jacosalem, Lunsod ng Cebu
"Nag-aabuloy ngayon sa kinabukasan ng Pilipinas"




# mga Sulat sa Editor

Nais ko pong magpadala ng isang kuwento sa inyong magasin. Sa palagay ko po ay magugustuhan naman ninyo ang akda kong ito pagka't may magandang "plot". Hindi man ninyo naitatanong ay isang pangyayari ang naging inspirasyon ko sa pagsulat nito.

Isang araw na kami ng aking kapatid na lalaki ay naglalakad sa may Abenida Rizal, nakakita kami ng isang taong sa ayos ay walang iniwan sa pulubi. Dahil sa naawa kami, nililimusan ng diyes ng aking kapatid, na tinanggap naman. Nguni't may luhang ipinagtapat ng lalaki matapos tanggapin ang pera na siya'y hindi talagang pulubi. Siya raw ay isang boksingero noong araw, na "sikat" din naman ang pangalan at kumikita ng limpak-limpak na salapi. Dahil sa mga di inaasahang pangyayaring naganap sa kanyang buhay ay humantong siya sa isang kahabag-habag na kalagayang tulad na nga ng kanyang kinasapitan...

Anupa't maganda ang kasaysayan ng boksingerong iyon. kaya minarapat kong sulatin at ipadala sa inyo. Ibig ko lamang pong malaman kung magkano ang inyong ibabayad sakaling ipadala ko sa inyo ang aking sinusulat na ito. —*Romeo F. Ereran, Tayuman, Maynila*

**Tila maganda ang sinusulat ninyong kuwento, o artikulo, kung hango nga sa bubay ng tinutukoy ninyong boksingero. Ipadala ho ninyo at titingnan natin. Tungkol sa bayad ay saka na hu natin pag-usapan, kung sakali... —ED**


---

Nagpadala po ako ng isang tula sa inyong tanggapan. May kalakip na sobre-selyado para maibalik sa akin kung hindi maaari. Nguni't isang buwan na ay wala akong balita kung ano ang nangyari. Maaari bang malaman ko kung tinanggap ninyo ang tula kong iyon? —*Felipe Florentino, Balanga, Bataan.*

**Bagama't hindi ninyo binanggit ang pamagat ng inyong tula ay titingnan din hu namin... Lamang ay hindi rin ninyo nabanggit kung saan ninyo pinalagpak ang inyong tula. Baka sa Lepanto ay hindi na ho roon ang aming upisina. —ED**

Sa palagay po namin ay kakilala ninyo ang maraming bituin sa pelikula, kaya nakapaglalathala kayo ng kanilang mga larawan. Maaari ho bang makahingi ng isang larawan ni Nida Blanca? —*Amada de Leon, G. Tuazon, Maynila.*

**Hindi ho namin ipinamimigay ang mga larawan ng artistang nalalathala rito sa aming magasin pagka't ginagamit ho uli namin sa ibang okasyon. Pero kung nakakahiling kayo ng isa, ay bakit ho hindi? Gayunman, ang lalong mabuti'y kay Nida kayo mismo sumulat at humingi ng larawan. Tiyak na maganda pa at may lagda ang inyong tatanggapin. —ED**



# PAG-IBIG AT TAGUMPAY

## Ni Katherine Dunham, Ang Mananayaw

**Pakikipanayam ni Ma. Salome Tonsay**



*Isa sa mga huling larawan ni Katherine Dunham na kuha nang siya'y minsang magtanghal ng sayaw sa isang pelikulang ginawa sa Hollywood.*

(Ikalawang bahagi)

ANG pagpapasimula sa alin mang larangan ng propesyon o gawain ay mahirap para sa isang baguhan. Ito ay maihahambing natin sa isang pook na magubat na bago mapasimulan ang ano mang gawain ay kailangan munang hawanin.

Para sa dalubhasang mananayaw na si Katherine Dunham, ang pagpapasimula niya sa kinahiligang sining at ang pag-akyat niya sa tugatog ng tagumpay ay hindi naging mahirap. Sapagka't sa simula pa ay buo na sa kanyang isip ang larangang kanyang papasukin at ang kanyang pasiya ay naging matatag.

Sa panahon pa man ng kanyang kabataan, si Katherine ay kinamalasan na ng natatanging katalinuhan, kaya hinangaan siya ng marami. Nang mag-aral siya sa Unibersidad ng Chicago, buo na sa kanyang isip na pagtuturo ng sayaw (choreography) ang kanyang pagdadalubhasaan. Natuto siya sa pamamagitan ng pagtustos sa sarili pagka't siya ay nagtatag ng kanyang sariling paaralan ng pagsasayaw.

Sa Pamantasan ng Chicago natuklasan niya ang "anthropology" o ang pag-aaral ng mga pinagmulan ng tao at ng mga lahi. Ito rin ang nagbigay sa kanya ng daan upang makapag-aral ng mga sayaw noong mga unang panahon. Nabuo sa kanyang paniwala na "higit na mapag-aaralan niya ang iba't ibang tao sa pamamagitan ng kanilang mga sayaw."

Nang makapagtapos sa kolehiyo si Katherine, siya ay nagtatag ng isang pangkat ng mga mananayaw na ang itinatanghal ay mga "ballet" sa sariling pamamaraan ni Katherine. Nang minsang sila ay magtanghal, napansin siya ni Mrs. Alfred Rosenwald Stern, isang kilalang ginang. Labis na naakit si Mrs. Stern kaya't inanyayahan si Katherine sa isang pulong ng lupon ng Rosenwald Foundation.

Hindi halos makapagbukas ng bibig si Katherine nang marinig niya ang sumusunod na pangungusap:

"Sabihin mo sa akin kung ano ang ibig mong pagdalubhasaan at nakalaan kaming tumulong sa iyo sa gugulin. Papag-aaralin ka ng foundation na ito."

At sapagka't natitiyak na ni Katherine ang ibig niyang pagdalubhasaan, hindi siya nagpatumpik-tumpik pa.

Dito nagpasimula ang malawak na paglalakbay sa daigdig ni Katherine upang payamanin ang kanyang karunungan sa "pagbibigay-damdamin" sa bawa't sayaw. Naging masigasig ang kanyang hangaring malaman kung bakit sinasayaw ng isang lahi ang isang uri ng sayaw, bukod pa sa kung papaano nagsasayaw ang mga tao sa bawa't lahi.

Sa kanyang pagbabalik buhat sa isang taon at kalahating paglalakbay sa maraming bansa, agad ginamit ni Katherine ang kanyang kaalaman. Nagkaroon siya ng pagkakataong sumikat nang itanghal ng kanyang pangkat ang mga sayaw sa Kanlurang Indiya, sa Windsor Theatre sa Nuweba York. Ito ay pinamagatan niyang "Tropics and Le Jazz Hot". At kaiba sa kanyang inaasahang minsan lamang silang magdaraos doon ng pagtatanghal, ay gumawa siya ng rekord na umabot ng labing-tatlong linggong pagtatanghal.

Buhat noon ay lalong naging matatag ang kalooban ni Katherine sa pagkakaroon ng sariling pangkat sa pagpapalabas sa tanghalan. At hindi nagtagal ay isinunod niya ang "Tropical Revue" na kinagiliwan sa buong Estados Unidos at Kanada. Noong 1945 ay nagtanghal siya ng isa pang "hit" sa pamamagitan ng kanyang "Carib Song", at noong 1946, ang panooring may pamagat na "Bal Negre" ay halos kinabaliwan ng marami.

Nagkaroon ng pagkakataon si Katherine na matuto ng maraming wika. Higit sa lahat ay naging mahusay siya sa pagsasalita ng Kastila, Pranses, Portuges, Italyano at Aleman. Sinasabi niyang pinakamahirap para sa kanya ang wika sa Suwesya. Sa kanilang sariling bayan, ang usapang ginagamit nila sa tahanan ay ang wikang Pranses. Ito ang salitang higit na alam ng kanyang kabiyak at siyang kinagisnang wika ng kanilang kaisa-isang anak na babae na marami ring nalalamang wika tulad niya.

Ang anak na babae ni Katherine Dunham ay mag-aanim na taong gulang na. Ayon na rin sa kanyang pagtatapat ay nag-aaral ito sa Estados Unidos at marahil ay kasalukuyang nagbabakasyon sa piling ng ama sa Haiti, West Indies.

Nang tanungin namin kung bakit naroon ang kanyang kabiyak, sinabi ni Katherine na hindi maaaring pabayaan ng kanyang asawa ang ari-arian nilang mag-anak sa pook na nabanggit, bukod pa sa malakas ang negosyo nito ng alahas doon. Dalubhasa sa pagdidisenyo at pagyari ng alahas ang kanyang kabyak. Katunayan, may ilang mahahalagang uri ng pulseras na suot ni Katherine at iyon ay pawang mga yari ng kanyang kabiyak.

Ang isa ay lantay na gintong malapad na natatampukan ng isang mahalagang batong berde. Aniya ay nangangahulugan iyon ng mabuting kapalaran, ayon sa paniniwala nila sa Diyosa ng tubig na tinatawag nilang "Yemajah". Mahalaga iyon sa lahat pagka't katumbas ng pangakong isinangla sa kanya ng kanyang kabiyak.

Ang pagkikilala nina Katherine at ng kanyang kabiyak ay isang magandang kasaysayang parang sadyang hinabi ng mga pangyayari upang sa dakong huli ay magkasama silang tumahak sa iisang landas.

Sa isa sa mga paglalakbay ni Katherine sa mga bansa sa dakong Caribbean, nakatagpo niya ang isang binatang may-ari ng isang malaking pagawaan ng alahas. Naakit siyang bumili ng isang pulseras, at sa halip na pagbilhan siya ng isang karaniwang yari ay ipinagpasadya pa siya ng binata. Doon nagsimula ang mabuti nilang pagpapalagayan, at nang magbalik siya sa Estados Unidos, hindi nagtagal at sumunod ang lalaki. Dito na nagsimula ang pagharap ni Katherine sa bagong daigdig.

Sa tuwi-tuwina ay nasasabi ni Katherine ang kabutihan ng kanyang kabiyak at ang pagiging maunawain nito. Ayon sa kanya'y mabibihira ang kabaitan at pagka-maunawain, sapagka't kung hindi nga naman ay di siya maaaring makapagpatuloy sa larangang kanyang pinasok. Katulad ngayon, kulang-kulang na sa dalawang taong siya'y naglalakbay kasama ng kanyang pangkat. Naiinip na siya sa tagal ng kanilang paglalakbay subali't kailangang tapusin nila ang gawaing kanilang ginagampanan. Tinataya niyang may anim hanggang pitong buwan pa silang maglalakbay. Nguni't pagkatapos ng paglalakbay nilang ito ay buo na sa isip ni Katherine na mananatili na siya sa piling ng kanyang mga kaanak. At kung sakali mang kakailanganing ipagpatuloy pa niya ang kani-


(Sundan sa pahina 31)


Masdan...



ANG DAIGDIG SA PAMAMAGITAN NG MALINAW AT MAGAGANDANG MGA MATA

ANG ARAW ARAW NA PAGGAMIT NG ILANG PATAK NG



EYE-MO

AY NAGDUDULOT NG KABABALAGHAN SA INYONG MGA MATA

1 Fl.oz. Contains: Chlorobutanol 1 gr.; Boric Acid 10 gr.; Berberine Sulphate 1/8 gr.; Zinc Sulphate 1/4 gr. 12-2


Tangkilikin ang Anunsiyante ng BAGONG BUHAY!


# ISANG BAGONG MOISES

**RM: "Ang Ating Pangunang Tungkulin Ay Buhayin Ang Pagtitiwala Ng Sambayanang Pilipino Sa Pangasiwaan Sa Pamamagitan Ng Paglalapit Ng Pamahalaan Sa Kanila"**

Bumigkas ng mahalagang talumpati ang yumaong Pangulong Ramon Magsaysay nang maging panauhing pandangal sa pagtatapos ng sangay sa Malabon, Rizal ng National Teachers College. Nakaupo buhat sa kaliwa sina Dekano Aproniano Cruz, Resistrador Angeles Santos ng NTC at Wensceslao Pascual.



Nang magpaalam kay RM ang naging Senador Vicente Madrigal bago tumulak ang huli patungong Estados Unidos upang dumalo sa mga panayam ukol sa pag-uunawaan sa mga bayad-pinsala sa Pilipinas noong nakaraang digmaan.



*ni CARLOS C. MARCELO*

SA PAGDALAW sa mga lalawigan bago maghalalan noong 1953 ay nadama ng yumaong Pangulong Ramon Magsaysay ang isang masidhing pangangailangan ng mga mamamayan — mabuting lansangan, lalo na sa mga nayon.


Nakita niya ang mga daang maalikabok kung tag-araw at maputik kung tag-ulan... ang mangilan-ngilan lamang na sasakyang nagbibiyahe roon. At dahil sa kakulangan ng mga kaluwagan sa paglalakbay, mahirap ang pagluluwas ng mga magsasaka ng kanilang mga produkto.

Kaya nang mahalal na Pangulo ng Republika'y nagtungo si RM sa Kawanihan ng mga Gawaing-Bayan. Nakipanayam siya kina Direktor Isaias Fernando at Alonzo Taylor, kasangguni sa mga lansangang pambayan ng **Foreign Operations Administration** (FOA).

Ipinaliwanag ng "Idolo ng Bayan" na isa sa mga bagay na bibigyang-diin ng kanyang Pangasiwaan sa palatuntunan ukol sa pagpapaunlad sa mga nayon ang pagbubukas ng mga lansangan maging sa mga purok na hindi pa pinamamahayan.


"Gagawa tayo ng mga kalsadang babagtas sa mga kagubatan sa Mindanaw upang maakit manirahan doon ang mga mamamayang bibigyan ng lupa ng pamahalaan," ani RM.

Bago pa manumpa sa tungkulin bilang Punong-Tagapagpaganap ay tinagubilinan na ni RM si Koronel Salvador T. Villa, tagapamahala ng **Manila Railroad Company** (MRR), na mag-aral ng mga panukala sa pagbubukas ng mga daang-lakal sa Timog.



Makikitang nakikipagkamay ang Pangulong Magsaysay kay W. C. Gulich nang dumalaw itong huli sa Malakanyang. Nangako si RM sa panauhing Amerikano na tutulong ang kanyang Pangasiwaan sa puhunang dayuhan sa pagtatayo ng mga bahay-kalakal dito.





Isang pangkat ng mga pinuno ng Sambales ang dumulog kay RM noong 1953 at nagharap ng kapasiyahang kumakatig sa kandidatura nito sa pagka-Pangulo. Nakaupo mula sa kaliwa sina Alkalde J. Colorado, S. Cacho, Magsaysay at Gob. Villanueva.

Walang kaabug-abog, dumalaw ang yumaong Pangulong Magsaysay sa planta ng NASSCO sa Maribeles, Bataan. Tinagubilinan niya ang mga manggagawa at kawani noon na patatagin ang pananalapi ng kompanya upang maiwasan ang pangungulugi. Makikita si RM habang sinusuri ang isang makina sa baradero.

Ibinunsod din ng "Kampeon ng Mahihirap" ang pagbabagong-tatag sa Perokaril. Ito'y ipinabayag niya nang maging panauhing mananalumpati noong Disyembre, 1953 sa kombensiyon sa Manila Hotel ng KALIDAKAL, samahan ng mga manggagawa sa MRR.

Sa may 130 kinatawang buhat sa 16 na sangay ng KALIDAKAL ay sinabi ni RM: "Sa ganitong mga bagay lubhang mahalaga ang pagtutulungan ng paggawa at pangasiwaan sa ikapagtatagumpay ng anumang palatuntunang binabalangkas upang mapanumbalik ang kahusayan at mabuting pangalan ng Perokaril."

Udyok ng layuning maging isang "kaakit-akit na paraan ng paglalakbay ng mga mamamayan ang tren," inatasan ng "Idolo ng Bayan" si Koronel Villa na gumawa ng nararapat na hakbang upang maisakatuparan ang balak na **pagbabago** sa MRR sa pamamagitan ng ₱60,000,000 magkasanib na pondo ng FOA at **Philippine Council for United States Aid** (PHILCUSA) sa loob ng limang taon.

Ang ganitong panukala'y itinagubilin ng nagsuring pangkat ng PHILCUSA noon pang panahon ng yumaong Pangulong Elpidio Quirino. Alinsunod sa mungkahing limang taong palatuntunan, aangkat ang Pilipinas sa Estados Unidos ng mga kagamitan ng Perokaril.

At hindi nagpaumat-umat sa pagpapasiya si RM. Kinatigan niya ang pag-angkat sa EU ng mga kasangkapan sa Perokaril, pati mga kotseng **air conditioned.**

*(Sundan sa pahina 27)*




Naging magiliw si RM sa pakikitungo sa mga kawal noong Kalihim pa siya ng Kagawaran ng Tanggulang Pambansa, kaya naman napamahal siya sa mga kagawad ng hukbo. Makikitang kinakamayan ni RM si Tenyente Jorge U. Sicar sa aeroplano ng Hukbong Panghimpapawid ng Pilipnias.




*Pakikipanayam (Daw)*

*ni Mario Nieves*



# NAGDIWANG ANG MGA EMPLEADO, NAPERDER ANG MGA PINUNO SA 40-ORAS-ISANG-LINGGO

**NAGGUDTAYM** si Mang Done kahapon. Buhat pa sa umaga'y wala na siya sa bahay. Naglilibang siya ... sa mga sine, sa mga plasa, sa mga karinderya.

Nakalimutan ni Mang Done na ngayon ang araw ng Linggo. Akala niya marahil ay naragdagan ang araw ng Linggo, kaya kahapon pa man ay naglibang na siya. May sinabi pa siyang balak. Bukas din daw ay maggu-gudtaym siya. Akala rin niya marahil ay Linggo pa hanggang bukas.


Kailangang mapaalalahanan si Mang Done. Kawawa naman siya kapag nawalan ng trabaho. Kunwari'y mag-uusisa lamang:

T. **Kumusta po ang buhay?**
S. Heto. araw-araw ay Linggo.
T. **Ho?**
S. Hind ako nagbibiro. Ngayon at sa loob ng isang buwan ay malayang-malaya ako.
T. **Ibig ba ninyong maniwala ako?**
S. Maniwala ka't sa hindi, iyan ang tutoo.
T **Buweno, naniniwala na ako. Pero bakit po kayo naging malayang-malaya?**
S. Sapagka't hindi ako magtatrabaho.
T. **E, di hindi po kayo su veldo?**
S. Sino ang may sabi sa iy g hindi? Di idinimanda ko sila!
T. **Kailan pa po nangyarin ang isang trabahador ng gubyerno ay hindi agtatrabaho nguni't susuweldo?**
S. Kamakailan lamang, buhat nang pagtibayin ang batas na 40-oras-isang-linggo.
T. **40-oras-isang-linggo?**
S. Iyan ang bagong patakaran ng gubyerno. Ibig sabihin... sa loob ng isang linggo ay 40 oras lamang gagawa ang mga trabahador. Dalawang araw na bakasyon, pero may suweldo.
T. **Gayon pala. Di hindi po masusunod ang batas na paggawa nang 8 oras isang araw?**
S. Masusunod din. Walong oras ding magtatrabaho ang mga manggagawa sa isang araw, nguni't sa loob lamang ng limang araw isang linggo.
T. **Bakit po binawasan ang oras ng paggawa? Pati po ba mga trabahador ay abala sa pagkampanya?**
S. Ssshhh. Ano ang pakialam ng mga trabahador sa pagkakapatibay ng batas? Maaaring mayroon nang abala sa pagkampanya, nguni't...
T. **Nguni't hindi ang mga trabahador?**
S. Tama.
T. **E, sinu-sino po?**
S. Ssshhh. Baka magbago pa ang isip ng mga nasa gubyerno'y palitan nila ang batas.
T. **Mabalik po tayo sa usapan. Kung isang araw isang linggo ay bakit 'kanyo isang buwang tatagal ang gudtaym ninyo?**
S. Hindi ko pa nga pala nasasabi sa iyo. Tingnan mo: ang mga bakanteng araw ko ay Sabado at Linggo. Ang kinalunesan at ang susunod na labing-isang araw ay hiningi kong sick leave. (Bulong: alam mo'y nagdahilan akong may sakit.) Pagkatapos ay isinunod ko ang labinlimang araw na vacation leave. Treynta diyas, iho.... isang buwang bakasyon. Kaya...
T. **Kaya ano po?**
S. Kaya malakas ang loob kong maggudtaym nang maggudtaym.
T. **Isang buwan kayong susuweldo nang walang trabaho?**
S. Ano ang masama n'yan, sa sila ang nagbibigay sa amin. Hindi kami makatatanggi.
T. **Kung gayon po, ang mga nalalabing empleado ang mabubuntunan ng mga gawain?**
S. Wala ring dipirensiya riyan. Pag lumagpas sa 40 oras ang paggawa nila ay babayaran naman ang kanilang obertaym.
T. **Hindi po kaya maghirap ang gubyerno?**
S. Ewan ko. Tagatanggap lamang kami ng suweldo.
T. **At kapag nangailangan po ng salapi ang gubyerno, hindi po ba tayo ang mahihirapan sa mga buwis?**
S. Nagbabayad din nga pala ako ng buwis. Nguni't hindi bale, sobra-sobra naman ang balik sa akin.
T. **Paano naman po 'yung ibang mahihirap?**
S. Ewan ko ba sa gubyerno.
T. **Halimbawa po namang may hindi makabayad ng buwis... di sila ang ituturing na masasamang mamamayan?**
S. Kasi'y hindi sila makakita ng kakilala sa gubyerno, e.
T. **E, siyenga po pala... sa bagong batas po ba'y kasali ang mga pribadong tanggapan?**
S. Hindi pa.
T. **Bakit hindi po isinali ang mga pribadong iyan?**
S. Hindi ko alam. Nguni't ngayo'y bumabalangkas na ng tungkol sa bagay na iyan.
T. **Bumabalangkas? Ngayon lamang?**
S. Di nga kasi. Ngayon ang panahon ng kampanya, e. Ngayon sila magpapakita ng gilas.
T. **Malamang pong magreklamo na ang mga pribadong trabahador niyan, a?**
S. Maaari, dahil hindi nga sila palalamang.
T. **At kung susunod po naman sa bagong batas ang mga pribadong tanggapan, maaaring magbawas sila ng mga tauhan, hindi po ba?**
S. Tama.
T. **At kapag nagbawasan ay maraming mawawalan ng trabaho, ano po?**
S. Tumpak!
T. **At pag nagkagayo'y magiging kasinghirap na ng gubyerno ang bayan, hindi po ba?**
S. Oo. At ang mga mamamayan ang lalong mahihirapan.
T. **Diyan na po kayo't pag nawalan ako ng trabaho'y suliranin pa ako ng gubyerno. Kailangan ko pong gumawa.**
S. Pinatatamaan mo yata ako!...
T. **Bakit po, gubyerno naman ang may bigay niyan sa inyo, a, hindi ba sabi n'yo?**
S. Oo nga, pero parang nakakahiya; ayoko na yata ng 40-oras-isang-linggo!



# Kayo at ang inyong Sanggol

ni Dr. Fe del Mundo
Isinalin sa Tagalog
ni Paraluman S. Aspillera



*(Karugtong)*

Ang mga dahilan ng ganitong kababalaghan sa mga ipinanganganak na sanggol ay kasalukuyan pang pinag-aaralan nang masinsinan ng mga siyentipiko. Ang ilang dahilan ay mga napapatunayan na at sukat malaman ng mga ina na sa kaunting pag-iingat ang kanilang sanggol ay maaaring ipanganak nang natural at walang ano mang kapansanan. Unang-unang dapat alagaan ay ang pagkain na hindi nararapat mawalan ng mga sangkap na kakailanganin ng sanggol na nasa sa tiyan pa. Ingatang magkaroon ng mga sakit at impeksiyon habang nagdadalantao. Ang mga X-Ray o pagtapat sa radyum ay ipagpaliban na hanggang makapanganak. Ang paminsan-minsang pag-iksamen ng doktor ay kailangang-kailangan.

Inaasahang ang mga pag-aaral na ginagawa ngayon ay lalo pang makatutulong upang maiwasan nang lubusan ang pag-aanak sa mga sanggol na kulang-palad at hindi normal.

### ANG ULO NG BATA

LAKI: sa sandali ng panganganak ang ulo ng sanggol ay isa o dalawang pulgada ang laki sa kanyang dibdib. Nguni't pagkaraan ng mga pitong buwan kapuwa ito nagkakapaṙis na ng sukat hanggang sa humigit na malaki na ang dibdib kaysa sa ulo.

Sa ilang sanggol, ang paglaki ng ulo ay napakahina kaya't madaling mapansin ang kaliitan nito kaysa sa mga ibang bata. Ang tawag dito ay "microcephaly". Ang bagay na ito ay nakakapigil sa paglaki ng utak sa loob ng bungo, kaya't ito'y pinagmumulan ng kahinaan ng isip.

Taliwas sa ganitong pangyayari ay ang mga sanggol naman na mabilis ang paglaki ng ulo hanggang ito'y maging alangan sa kaliitan ng mukha. Ang paglaki nito ay tinatawag na "hydrocephalus" at karaniwang dahil sa pagsasara at pagtigil ng tubig sa loob ng utak. Ang pangyayaring ito ay maaaring buhat pa sa depekto sa panganganak o maaari namang bunga ng isang mahabang pagkakasakit ng meninggitis o pamamaga. Ito'y maselang at noong una ay nagiging sanhi ng pagkamatay, nguni't ngayon, na may mahuhusay na mga tagatistis sa utak, marami nang naililigtas na sanggol sa kamatayan dahil sa operasyon.

HUGIS: —Ang hugis ng ulo ay nagkakaiba sa mga tao at ito ay may iba't iba ring dahilan. Ang mana at lahi ay may kinalaman sa hugis ng ulo. Dahil din sa kalambutan ng ulo ng bata, ang paghigang lagi sa isang panig ay nakapagpapatalapya ng ulo sa panig na iyon kaya't dapat na pagbagu-baguhin ang ayos ng bata sa higaan lalo na't ito'y mahina o may karamdaman sa buto.

May ulong matulis at may ulo namang talapya na tinatawag na "anencephaly". Ang utak ay maaari ring mapinsala sa ganitong hugis ng ulo.

PAMAMAGA NG ULO: — Sa panganganak, may bahagi ng ulo na dahil sa pagkakaipit ay namamaga. Ito'y tinatawag na "Caput Succedaneum" at nawawala naman kaagad pagkaraan ng ilang araw.

Isa pang pamamagang nangyayari sa ulo pagkapanganak ay tinatawag na "cephalhematoma" na nangyayari sa isa sa mga buto ng bungo. Ito'y bunga ng pagdurugo ng ilang ugat sa oras ng panganganak. Matagal itong humupa sapagka't lalong mabilis na masipsip ng tubig kaysa dugo.

ANG MGA BUMBUNAN: — Sa harapan ng ulo, sa may noo, ay may isang malambot

*(Sundan sa pahina 31)*

# Mga Payo Ukol Sa Iba't Ibang Pagkakataon

### MAHIRAP KA BANG MAPASANG-AYON?

Madalas na ang pagsalungat ng isang tao sa mga bagay-bagay ay hindi nagbubunga ng mabuti at sa gulo humahantong. Kung minsan, ang ipinagkakagayon ng isang tao (ang pagsalungat...) ay ang labis na pagpapahalaga sa sarili at ang pagpapatunay sa iba ng kanyang kakayahan. Masasabi rin nating likas marahil ang gayong pag-uugali. Nguni't magkagayon man ay dapat isiping ang pagmamatigas ng kalooban ay hindi nagbubunga ng mabuti... mawawala ang mga kaibigan mo at mahihirapan ka ring mapasang-ayon ang iba sa iyong mga binabalak.

[illegible]papahalaga sa kara[illegible]ng iba ay isang tanda ng [illegible]gkakaroon ng sapat na pag-iisip kaya pilitin mong sumunod sa hinihingi ng pagkakataon (kung hindi lubhang makakasama sa iyo). Tutol ka man sa kanilang mga balak o kuru-kuro ay huwag kang sumalungat, maiiwasan mo ang pagkakaroon ng samaan ng loob.

Suriin mo ang iyong sarili, itala ang lahat ng sagot na OO...

1. Ikaw ba ay mahirap mapahinuhod sa pagpapatawad sa taong nagkasala sa iyo at humihingi naman ng tawad?
2. Ipinalalagay ba ng iyong mga kasambahay (asawa at mga anak) na palasalungat ka sa kanilang mga naisin?
3. Hindi ka ba tumatanggap ng pagkatalo?
4. Nawawalan ka ba ng lakas ng loob na ipagpatuloy ang iyong mga binabalak dahil sa pangambang sisihin at libakin ka pagkatapos?
5. Lagi ka bang nasasaktan at napapahamak dahil sa hindi mo pakikinig sa payo ng iba?
6. Panatag ka ba at hindi nagbabalak na baguhin ang iyong mga pamamaraan kahit na hindi nagbago ang takbo ng mga pangyayari sa iyong buhay, maging sa bahay, sa upisina, sa kalakal at at sa iba pang bahagi ng iyong buhay?
7. Lubha mo bang dinidibdib ang mga nangyayari ukol sa palakasan kaya nagkakaroon ka ng sama ng loob sa iba?
8. Tinatanggihan mo ba ang isang bagay sa kasunduan bagama't hindi nasasangkot ang iyong pansariling kapakanan?
9. Maaaring maluwag sa loob mong tinatanggap ang mga pintas ng iba, subali't gumagawa ka ba ng hakbang upang mabago ang pag-uugali mong hindi mabuti?
10. Ayaw mo bang limutin o patawarin ang isang kapinsalaang nagawa sa iyo at matiyaga kang naghihintay ng pagkakataong makapaghiganti ka?

Katumbas ng mga sagot na oo...

6...10—Ikaw ay may "ugaling-bata". Kailangang magsikap kang mabago ang ganitong ugali habang maaga sapagka't ito'y lubhang makasasama sa iyo.

3...5—Mahirap kang mapasang-ayon sa mga balak ng iba kaya mapapansin mong sila'y hindi rin makikiisa sa iyong mga naisin.

3...pababa—Bihira lamang ang pagkakataong napapailalim ka sa nais ng iba o nasisisi sa pagkakamali na siyang nagiging dahilan ng pagkapalagay mo sa alanganin.




Bata'y NALULUHA tinutubuan ng NGIPIN...

Kung ang bata'y tinutubuan ng ngipin, ang ilang patak ng kaaya-ayang Phillips Milk of Magnesia sa gilagid ay dagliang pagiginhawahin; at ilang patak na ihalo sa bote ng gatas, katas ng prutas o tubig, ay papawiin ang sakit ng sikmura. Para sa kabutihan ninyo at ng bata, maglaan ng Phillips Milk of Magnesia.



Bata'y NATUTUWA nakainom ng
PHILLIPS'
MILK OF MAGNESIA
TIYAK • LIGTAS • BANAYAD



Bata'y MALUNGKOT humihilab ang TIYAN...

Malimit na dahilan ng pag-uumiyak ng mga bata ay ang hilab o hangin sa tiyan. Batid ng matatalinong mga ina, na ilang patak ng kaaya-ayang Phillips Milk of Magnesia ay papawiin ang hangin sa tiyan na pinagmumulan ng kabag. Ligtas at kasiya-siyang Phillips Milk of Magnesia ay pinapawi ang sakit ng sikmura, pinagiginhawa't pinasisigla ang bata. Para sa kabutihan ninyo at ng bata, laging maglaan ng Phillips Milk of Magnesia.



Bata'y NAGAGALAK nakainom ng
PHILLIPS'
MILK OF MAGNESIA
TIYAK • LIGTAS • BANAYAD

Ea. fl. oz. contains 34 to 40 gr. Magnesium Hydroxide. 20-5



# Kasuotang Panggabi

Ang *strapless* na *evening dress* na ito ay yari sa manipis na tela. Sinurian ang pang-itaas at ang ibaba ay *shirring*. Gumawa rin ng isang panlamig buhat sa tela ng damit.




Ang *crystal silk, taffeta, satin, brocade* at iba pang makikinang na *tela* ay mga halimbawa ng mga damit-panggabi. Katulad ng makikita sa larawan, ang *bridal satin* ay napakagandang gawing damit na pandalo sa mga kasayahan. Titingkad na lalo ang taglay na kulay dahil sa liwanag ng mga ilaw. Katulad ng nasa itaas, ang kasuotan ay may kasama ring *stole*.

# Mga Damit na Panlakad



Lalong lilitaw ang magandang pangangatawan ng isang babae kung ang kanyang isusuot na damit ay *pencil cut* tulad ng nakalarawan (dulong kaliwa, itaas). Ang pang-itaas ay nilagyan ng kombinasyong polka. Ang nasa gitna naman ay ang tinatawag na *princess cut*. Ang leeg ay tabas "V" Isang *sabrina cut* ang nasa gawing itaas na tinahian ng mga *tucks*. Sinabitan din ng laso ang magkabilang balikat.



## *Mga Pagkain Natin*

### "CURRIED LAMB CROQUETTES"

**Mga sangkap:**

½ tasang krema ng kabute (mushroom soup)
2 tasang tinadtad na lutong kordero (lamb)
1 kutsarang ginayat na parsli
1 kutsarang kahel o lemon
1 sibuyas (katamtamang laki), tinadtad nang pinung-pino
1 kutsarang curry
1 kutsarang paminta
45 biskuwit (Ritz crackers) durugin nang bahagya, mga 2½ tasa ang magiging dami

**Paraan ng pagluluto:**

Paghalu-haluin ang pitong sangkap ayon sa pagkakasunud-sunod at ang 1½ tasang durog na biskuwit.
Gawing tulad ng makikita sa larawan (mga 4 o 6 kroketa) at igulong sa natirang dinurog na biskuwit.
Pagkatapos ay ilubog sa binating itlog, pagulunging muli sa dinurog na biskuwit.
Ipirito sa mainit na mantika nang mga 4 o 5 minuto.

### KANING MAY TSORISO

**Mga sangkap:**

2 tasang bigas (pula)
1½ tasang hiniwang pinya
paminta... asin
6 na tsoriso
2 kutsarang mantikang Purico
abukado... papaya... mangga

**Paraan ng pagluluto:**


Pakuluan ang tsoriso sa tubig nang 20 minuto.
Hanguin at hiwa-hiwain nang pahati.
Dagdagan ng 4 na tasang tubig ang pinagpakuluan ng tsoriso, pakuluin at ilagay ang bigas. Lutuin sa katamtamang apoy hanggang sa lumambot at matuyuan.
Papulahin sa dalawang kutsarang mantika ang hiniwa-hiwang tsoriso at pinya (maaaring pinyang de-lata).
Tikman ang kanin at kung kailangan ay dagdagan ng asin at paminta.
Ihulma ang kanin sa isang pinggan.
Iayos sa paligid ang pinapulang tsoriso at pinya.
Hiwa-hiwain nang ayon sa ibig na hugis ang papaya, abukado at mangga. Pigaan ng katas ng kalamansi pagkatapos.
Igayak ang mga bungangkahoy sa paligid ng pinggan...
Lalong maiibigan ng inyong pamilya ang inyong ihahaing pagkain dahil sa kaakit-akit na ayos nito.

**(Kagandahang-loob ni Purita)**

# Hinaing Ng Isang *KAWANI*

ni EDGARDO JOSE ESPIRITU

**Ilan Sa Maliliit Na Kawani Ng Ating Pamahalaan Ang Tulad Ng Pangunang Tauhan Sa Lathalang Ito?**



KUNG IKAW, sino ka man, ay may asawa't mga anak at nagbabalak na maging kawani sa gobyerno dahil sa ikaw marahil ay nakasulit sa Serbisyo Sibil... makabubuting isipin mo muna ang ninanais mong gawin. Namamali ka ng palagay kung paaanod sa palasak na paniniwalang maginhawa ang mga kawani ng Pamahalaan. Kabaligtaran nito, tigas kong ipaglalabang pagpapakasakit ang manungkulan sa gobyerno.

Ipagpalagay na nating sa kabila ng mga apat o limang bitukang pakakanin mo ay sumasahod ka ng isang daa't dalawampung piso isang buwan. Dahil sa maliit na kinikita mo ay hindi ka makababayad ng malaking bahay at baka sa pag-upa lamang mauwi ang lahat ng iyong sahod. Sa katunayan, 'papag-abutin lamang ang magkabilang dulo' ng inyong pamumuhay ay magiging isang mabigat na suliranin para sa iyo. Kaya... sa isang maliit, madilim, at maamoy na silid kayo maninirahan.

Sa pagtulog, kung hindi man patung-patong, ay magsisiksikan kayong tulad ng sardinas sa lata. Hindi ka magkakaroon ng panahong makatulog nang mahusay. Dahil sa ganitong kalagayang labag sa lahat ng patakaran sa pangangalaga sa kalusugan ay mamimista sa inyong mag-aanak ang sakit — tulad ng trangkaso, halimbawa!

Pagkakaumaga, kahit na mabigat pa ang iyong ulo dahil sa antok, ay magpipilit kang bumangon. Lalapit ka sa gripo, bubuksan mo ito, at laking himala — magbabantulot pang tumulo ang isang patak na tubig. Iyan ang hirap nang tumira sa isang bahay na silid-silid ang pagpapaupa. Agawan sa tubig. Pupukpukin mo ang tubo at hihiyaw ka ng: TUBIG! TUBIG! Nguni, bingi yatang lahat ang mga kapit-kuwarto mo. Lilimutin mo na ang paghihilamos. Pagdadagisunan mo na lamang ang inihanda ng iyong maybahay sa hapag-kakanan. Kape na marahil ang ipangmumumog mo. At sapagka't mahalaga sa iyo ang kape dala ng maliit mong kita ay lulunin mo na rin ang "ipinanlinis" mo ng bibig. Sayang!

Pagkapagbihis ay dali-daling hahagkan mo ang iyong maybahay at mga anak. Halos patakbo kang lalabas ng bahay upang mauna sa abangan ng sasakyan. Makikipagsapalaran ka. Sa lalong angkop na pangungusap, makikipag-unahan ka sa pagsakay sa diyip. Kung mahina ang iyong dibdib o dili kaya'y malambot ang iyong tuhod ay tiyak na mahuhuli ka sa pagpasok. Dahil dito, kahit na manipis ang iyong katawan, ay magtitigas-tigasan ka na rin. Pagtigil na pagtigil ng diyip ay kakapit ka nang mahigpit, pabulusok kang papasok sa sasakyan, at magmamadaling isisingit mo ang iyong sarili sa mga sakay na pihong dalawa o tatlo ay babae. Sa biglang pagunsad ng diyip ay malamang na mapasandal ka sa isa sa mga babae. Ngingitian mo siya ng tipid na tipid at bubulong ka ng isang matamis na: "Excuse me". Hahagisan ka lamang niyon ng tinging makutunaw-bakal. Marahil, mamabutihin mo ang tumahimik na lamang.

Pagsapit sa Kiyapo ay maglalabasan ang ugat sa leeg ng tsuper.

—Kiyapo na ho ito! Ibis na ang lahat ng Kiyapo...

Magbababaan ang mga sakay. Hindi ka titinag sa iyong pagkakaupo. Titingin ka kung saan-saan upang maiwasan ang titig ng tsuper sa salaming nasa gawing harap ng kanyang uluhan. Pagsasawaan ng iyong paningin ang lahat ng bagay sa paligid at kung sa wakas ay wala ka nang matingnan ay magsasalubong ang inyong mga mata. Bulaga!

—Kayo, Mister, saan kayo? —May pangungutya ang himig ng tsuper.

—Sa City Hall! —Isasagot mong di-nababahala.

—Beynte hanggang d'un!

—Bakit beynte?

—E, hanggang sa Kiyapo lang ang diyes.

—Sino ang uululin mo? Hoy, araw-araw akong sumasakay, e, diyes lang ang ibinabayad ko!

—Wala akong pakialam sa ibinabayad n'yo araw-araw! —Matigas na ipagpipilitan ng tsuper. —Basta hanggang Kiyapo lang ang diyes! Kung ayaw n'yo, h'wag n'yo!

Magtatalo kayo nang matagal hanggang sa mag-ubuhan ang mga bagong sakay. Hindi mo pa rin mahahayaan ang sarili mong palamang sa tsuper. Ibibigay mong lahat ang iyong katwiran hanggang sa magsigawan ang ibang sakay at magsabing sila ay mahuhuli sa kani-kanilang tanggapan.

Sisibad ngayon ng takbo ang diyip. Hahagingan ninyo ang lahat ng sasakyan sa lansangan. Sa pagitan ng malalakas na panalangin ay hahagisan ka ng matatalim na tingin ng mga kasakay mo. Tulad nila ay maninindig ang iyong balahibo sa takot. Iisipin mong baka madisgrasya kayong lahat ay ikaw pa ang magsilibing dahilan. Susuyuin mo na ang tsuper.

—Sigi, **boss,** —sasabihin mo sa malambing at mapakumbabang tinig, —babayad na ako ng beynte, huwag mo lamang kaming ibangga!

Saka ka lamang ngingitian ng marami sapagka't magiging hinay-hinay na ang takbo ng inyong sasakyan. Ngitingkabayo ang isusukli mo sa kanila: iyong ngiting labas na lahat ang ngipin!

Pagsapit mo sa iyong patutunguhan ay maliksi kang iibis. Kung minamalas ka ay mawawakwak pa ang gawing likuran ng iyong pantalon. Pawisang-pawisan kang sasapit sa gawing bungad ng gusali. Madaratnan mong nagdadagsaan ang mga tao sa may pinto. Mabilis pa sa pagong na nangangapkap ang mga pulis na nakatalaga roon. Dahil sa nagmamadali ka ay hindi mo na mapapansin ang iyong puting pantalon pagkatapos na lumagpas ka sa mga tanod. Sa ikatlong palapag na ng gusali malalaman mong hindi pala nagsipaghugas ng kamay ang mga pulis. Pwe!

Ang lahat ng iyong mga kasamahan ay nagsisigawa na. Lalapit ka sa inyong "bundy clock". Mamumutla ka. Kalahating oras ka nang huli! Maghihinala kang may sumalbahe sa nagtatala ng oras ng inyong pagdating sa tanggapan. At sapagka't wala ka nang magagawa ay huhugutin mo ang iyong 'card', isusuksok iyon sa butas, at pagkarinig mo ng klik ay iingusan mo ang 'bundy clock'.

Patiyad kang lalapit sa iyong hapag. Sa sandaling uupo ka na lamang ay gugulatin ka ng malakas na tinig ng iyong pinuno.

—Mister Salbakuta! Sandali lamang!

Lahat ng santo ay tatawagin mo sa sandaling iyon.

—Anong oras na ngayon? Ganito ba ang dapat na pagpasok sa upisina? Aba, pagmalasakitan mo ang salapi ng bumubuhay sa iyo! Blah... blah... blah. ..Yak... yak ...yak...!

Lito ang iyong isip at nangangaykay ka sa takot. Mamumula ka sa kahihiyan sapagka't biglang tatahimik ang buong tanggapan. Batid mong nakatingin sa inyo ang lahat. Sa tinig-ipis ay sasagot ka ng: "Sorry, **boss,** umuulan pa kasi kaya ako naatraso!"

Sa tinging isusukli ng iyong pinuno na dahil sa malaking galit ay namumula ang malaking ilong ay saka mo lamang makikitang madilat pa sa mata ng kuwagong puyat ang araw.

—Isa pa, Mister Salbakuta! Isa pa! Kapag nahuli ka pa ay gagawin kong lahat ang paraan upang matanggal ka sa trabaho!

—Opo! Salamat, **boss!**

—Ano'ng ipinagpapasalamat mo?

—Wala po!

Magtataka ka pa kung paanong sa ilang sandaling pagkakarinyuhan ninyong magamo ay dumumog agad ang maraming tao sa paligid ng iyong hapag. Pag-upo mo ay halos mag-unahan ang mga iyon na isalaksak sa iyong mukha ang kani-kanilang papel. Kung sinasamang pumasok sa butas ng ilong mo ang sulok ng isang papel at mapabahin ka ng malakas ay tiyak na magsisipagpunas ng mukha ang iyong mga kaharap.

—Isa-isa po lamang, mga kasama, —makikiusap ka, —marami pa namang oras. Hayaan ninyo't matatapos pong lahat iyan!

—Unahin na ninyo ito't may lakad pa ako! —Pautos na sasabihin ng isa.

—Aba, nauna ako rito! —Tututol naman iyong isa.

—Ako po ang kasunod! —idurugtong ng isa pa.

—Ako man ay may lakad pa! Maaari bang unahin na ninyo ako?

Malaki man ang iyong pagpapaumanhin ay nanaisin mo ang sumigaw, nguni't inaalaala mo ang patakaran ng tanggapan: PAGLINGKURAN NANG, BUONG GALANG ANG MAMAMAYAN! May lakas ng loob na magmalabis ang mga taong lalapit sa iyo sapagka't nasa kanila na ang lahat ng karapatan. 'Walang

*(Sundan sa pahina 20)*



lapit ng sa kanila. Magugulo ang mga binatilyo. Nagbibiruan. Maminsan-minsan ay tinatanaw ang talaga namang magandang si Lita. Sa malas ay humahanga rin sa kariktan nito. Madalas magtawanan.

May kung anong damdaming sumakanya'y bigla na lamang siyang tumayo at lumapit sa tatlong binatilyo. Pagtumba ng silyang pinakamalapit sa kanya'y nanuntok na siya kabi-kabila.

Pati si Lita'y kinunan ng tanong ng mga pulis na dumalo sa pagpapagibik ng may-ari ng restawran, nguni't nang makilala kung kaninong anak si Rodolfo ay ang tatlong binatilyo na lamang ang isinama sa himpilan.

—Handa kong itaya ang aking buhay nang dahil sa iyo, —ang wika pa niya nang naiiyak na mag-usisa si Lita kung bakit biglang-bigla na lamang siyang nakipag-away.

Talagang hindi mapipintasan ang pag-ibig ni Rodolfo. Maalalahanin siya.

—Isuot mo nga ang balabal mo, —ang madalas niyang sabihin kay Lita huwag di luiyo, —ang madalas niyang sabihin sa dalaga. Si Lita ang kung minsa'y nag-aalala kung sa kadalasan ng kanilang pagkakasama'y tila ba wala na silang mapag-usapang mahalagang bagay.

Sa pulutong ng kanyang mga kaibiga'y ipinagdiwang ang gayong pagbabago ng kanyang ugali nang si Lita ang kanyang suyuin. Bagay na bagay sila ni Lita. Lahat ay umaasang si Lita ang pakakasalan niya. Pati ang mga magu-magulang nila'y labis na nasiyahan. Dalawang angkan na naman ang di magkakahiwalay ang kayamanan.

Si Lita nama'y napabuhos na nang buong-buo ang pagmamahal sa kanya. Wala pang lalaking nakapagpapaibig kay Lita, at lahat ng mga kaibigan niya'y bumati sa kanya nang magtagumpay siya sa dalaga. Anila'y talagang wala pang babaing nakatanggi kay Rodolfo.

Ang higit na nagpatibay sa pag-ibig ni Lita sa kanya'y ang nasubok na nitong paggalang niya sa kalinisan ng pagkababae ng katipan. Mara-

# busina...

*ni ophelia san juan*

Busina... busina... busina ... Tila baga hindi na maghihinto ang mga businang yaon. Sunud-sunod. Nakakukulili.

Marami ang mga sasakyang nagsisiksikan sa kaputol na iyon ng daigdig. Umuusad ang karamihang may mangilan-ngilan nang sakay samantalang namamaos ang mga tsuper sa pagtawag ng iba pang sasakay. Lalo namang marami ang nakatigil pang tila nanghihinamad na sa maghapong paghanap ng ikabubuhay. Datapuwa't higit na nakararami ang nakabibinging sagutan ng mga busina. Parang nagkakaisa ang mga jeepney, mga bus at iba't iba pang uri ng sasakyang nagkakatipon doon sa pagpapatunog ng kani-kanilang mga busina.

Tatlo ang lansangang nagtatagpo sa panulukang iyon at hindi katakatakang magkaganoon ang dami ng mga sasakyan at ingay. Samut-samot ang mga busina. Walang hulaw. Walang patawad.

At wari'y hindi na makatagal sa gayong kaguluha'y isang magarang kotse ang buong bilis na sumibad na paalis. Sa isa sa tatlong lansangang nagtatagpo roo'y humarurot ang naturang kotse. Walang naiwang bakas ang magarang kotse kundi ang makapal na alikabok na nagbangon sa likuran niyon.

Tumabing ang alikabok sa buong kabuuan ng kotse at tuluyang nawala sa paningin. Sa mga naiwa'y walang nakapansin man lamang sa pagdating at paglisan ng kotseng umalis. Patuloy ang pagtawag ng mga sasakay, patuloy ang murahan ng mga tsuper sa pag-aagawan ng lugar, patuloy ang pagbusina nang wala namang tiyak na binubusinahan. Patuloy ang pang-araw-araw na daloy ng buhay sa panulukang iyon na pinagtatagpuan ng tatlong lansangan.

Ganap na ganap ang paglalaho ng magarang kotse. Katulad ng ganap na ganap na paglalaho ni Rodolfo, ang may-ari at nagmamaneho ng lumayong sasakyan, sa buhay ni Lita. Paglalahong naging sanhi ng mga pagsumpa kay Rodolfo at ng di biru-birong pagluha ni Lita.

—Baka paglalaruan mo lamang ako? —ang minsa'y naglalambing na sinabi ni Lita kay Rodolfo.

—Umasa kang hinding-hindi, mahal ko, —ang isinagot naman ng binata, malambing ding katulad ng dapat na asahan.

Sa sarili'y lihim na napangiti ang binata. Nakakatawang kamusmusan ang taglay ng katanungan ni Lita. Nakakatawang kamusmusang taglay ng lahat ng umiibig. Katanungang kasingtanda na ng panahon.

Alam na alam na niya kung ano ang isasagot sa gayong katanungan. Kabisado na niya pati ang himig na dapat gamitin sa pagsagot. Sa dami ba naman ng mga labing bumulong sa kanyang pandinig ng mga katagang katulad ng sinambit ni Lita'y hindi pa siya mahahasa? Huli na nang madama ng mga babaing iyon ang pait nang lumuha sa alaala ng isang lumayong kaligayahan.

Subali't sa piling ni Lita'y naging ganap ang pagkauliran niya. Matagal niyang niligawan si Lita. Maganda si Lita. Mayamang katulad nila. Malambing si Lita, katulad ng lahat ng umiibig.

Siya nama'y naging kabuuan ng isang ulirang mangingibig. Nakikipag-away pa siya nang dahil sa dalaga.

—Hindi ko mapalalampas ang ano mang pagbibiro sa aking katipan, —ang wika niya habang ginagamot ni Lita ang mga pasa at galos na tinamo niya minsang makipag-away na naman siya dahil sa dalaga.

Walang kabagay-bagay ang pinagmulan ng away na iyon. Tahimik silang kumakain noon ni Lita sa isang restawran nang may umupong tatlong binatilyo sa mesang kamamig nang kaunti ang gabi kung sila'y magkasama. O dili kaya'y, —Kumain ka nang kumain, Lita. Papayat ka, hala.

At hindi niya nalilimutan ang pinakamaliit mang okasyon sa buhay ni Lita. May handog siyang relo sa kaarawan ng dalaga, may bracelet na may dalawang magkakabit na puso noong Valentine, may aiay siyang mamahaling kuwintas nang sumapit ang Pasko. Araw-araw ang sulat niya kay Lita nang minsang magbakasyon ang dalaga sa Bagyo nang hindi siya kasama. Kahit nang dumating sa Maynila si Lita, may sulat pa rin siya sa isang araw na hindi sila magkita. Kadalasa'y wala namang gaanong nilalaman ang liham. Maliban sa iisang pangungusap: "Iniibig kita, Lita."

Naging mapagbigay siya sa dalaga. Sa paminsan-minsan nilang di-pagkakaunawaa'y hindi siya nagmatigas kahit minsan. Kadalasan pa nga'y ni hindi na niya binabanggit kay Lita ang ano mang tungkol sa kanilang ipinagkatampuhan kapag nagkakaharap na sila. Masuyo pa rin siya, at walang ano mang bakas ng di-pagkakaunawaang madarama sa pagkakapisil ng kamay niya sa palad ng katipan.

—Kailanma'y di ko pagsasawaan ang pakikipagniig sa ming pagkakataong dumaan sa pinakamahihigpit na pagsubok ang kanyang pagtitimpi. At karamihan sa mga pagkakataong yao'y si Lita ang pinagmuntik-muntikanang sumuko sa lagablab ng pag-ibig. Ang dalaga ang madalas na nakadarama ng panghihina sa harap ng mga pagkakataon at mga paglalambingang nagbantang tumangay sa kanilang pagtitimpi. Ang ipinamalas na tigas ng loob ni Rodolfo sa ganoong mga pagkakataon ay labis na hinangaan ng dalaga. Sa paningin ni Lita ay ganap na ganap ang pagkalalaki ng kanyang katipan.

—Iniibig kita! Iniibig kita! —ang malimit na maibulong ni Lita sa kanya kung sila'y nagkakasarilinan.

Yakap lamang at masuyong haplos ng mga bisig ang malimit niyang maisagot. At susuklayin ng kanyang mga daliri ang buhok ni Lita. Hindi niya pinagsasawaang haplusin ang buhok na iyon. Si Lita nama'y may isang di-maipaliwanag na damdaming nadarama sa tuwing masuyong darampi ang mga daliri ng binata sa kanyang ulo. May tila kung anong humahalang sa kanyang lalamunan at tila ba siya mapapaiyak na di niya mawari. Ang damdaming iyo'y kanya na noon pa mang maliit siyang batang naglalambing

sa kanyang ina. Sa tuwing hahaplusin ng Mama niya ang kanyang buhok ay nadarama niyang natitigib ang kanyang dibdib ng di-mapapantayang pagmamahal sa babaing iyong ipinadarama ang pagmamahal sa kanya sa pamamagitan ng paghaplos sa kanyang buhok. Di niya naiwaksi ang damdaming iyon. Hindi niya napaglabanan ang mapalapit sa sinumang nagpadama sa kanya ng pagmamahal sa gayong paraan. Kaya naman kung hinahagod ni Rodolfo ang kanyang buhok, kahit na kung minsa'y parang wala sa loob ng binata ang gayong pagkilos, ay nag-uumapaw sa kanyang dibdib ang pag-ibig dito. Kadalasa'y nahahagkan na lamang niya ang mga kamay na humahagod sa kanyang buhok. At kahit minsa'y di siya nakapangusap sa laki ng damdaming pumupuno sa kanyang kalooban sa mga gayong pagkakataon.

—Ikamamatay ko ang iyong paglayo, —ang minsa'y hindi napaglabanan ni Litang sabihin sa kanya minsang sila'y nag-uulayaw. Naisip lamang nitong pilit na itinatago sa kabila ng masaya pa ring pakikitungo sa kanya.

Nasinag niya sa kaanyuan ni Lita ang kirot na naidulot niya rito samantalang walang katinag-tinag na nakatayo ito sa burol at pinagmamasdan sila. May kasama siya noon. Babae. Nakahiga sa damuhan ang kasama niya at nilalaro ng kanyang mga daliri ang buhok nitong nakaunan sa kanyang kandungan. Noon nga siya napatingala at namasdan na lamang niya si Litang nakatayo sa di-kalayuan at nakatingin sa kanila ng kanyang kasama.

May pangako siya noong makikipagkita kay Lita at kusa siyang hindi sumipot. Sa halip ay ipinagsama niya ang pinakahuli niyang "biktima" sa burol na dati nilang pinamamasyalan ni Lita. Walang nakaaalam ng burol na iyon maliban sa kanilang dalawa ni Lita. Madalas pa ngang sabihin sa kanya ng dalagang "kanila lamang" ang pook na iyon.

Sa pagtatama ng kanilang paningi'y biglang tumalikod si sa kanyang buhay. Lahat ng mga kaibigan at kakilala niya'y nagtaka sa kanyang ginawi. Pati ang kanyang mga magulang ay halos isumpa siya sa laki ng kahihiyang idinulot niya sa mga ito sa mga magulang ni Lita.

Sa panig ng kalalakiha'y iisa ang katugunan: talagang palikero si Rodolfo! Talagang lalaki si Rodolfo! Walang kasiyahan sa iisang babae. Maglaro. Bohemyo.

Sunod-sunod ang naging kasintahan niya magbuhat noon. Katulad ng una, noong bago niya sinuyo nang kung ilang panahon si Lita, ay mga babaing madali niyang napaibig.

—Ano bang hinahanap mo sa babae, Rody? —ang madalas na itanong ng kanyang mga kaibigan.

—Ano ba'ng nais mong patunayan? —anang iba naman. —Na ang mga babai'y madaling mapaibig, lalo na ng isang katulad mong mayaman?

Sa lahat ng ito'y ngiti lamang ang kanyang isinasagot. Kung nakasakay sila sa kanyang kotse'y pinatutunog na lamang niya nang walang nilakbay sa hangarin ko lamang na makalimot. Nang dahil sa pag-ibig kong iyan ay handa kong pagpikitan ng mata ang lahat, pati ng iyong "pag-ibig" sa di-mabilang na mga babaing tinatawag nilang kasintahan mo ngayon. Handa ko ring gawin ang lahat, pati na ang pumatay nang kahit na ilang buhay, nang dahil din sa pag-ibig na iyan.

—Pinagbabantaan mo ba ako? —Biglang-bigla ang pagsisiklab niya, at nag-aapoy ang kanyang mga mata nang pumihit siya upang harapin si Lita.

—Hindi ako nagbabanta, — patag na patag ang tinig ni Lita. Nagbago na si Lita. Pinatigas na pati ang damdamin ng mga pangyayari. Nasaan ang dating Litang babaingbabae, ang dating Litang ang katamisa'y hindi pa ninanakaw ng pait ng kabiguan? — Katotohanan ang sinasabi ko sa iyo, at diyan mo masusukat ang kalakhan ng pag-ibig ko sa iyo. Bihirang babae ang makatitiis na may kahati sa pagmamahal ng kanyang iniibig. Gayunpama'y handa akong makihati, hindi sa isa lamang, kundi maging sa kung ilan man sila, kung sa pamamagitan niya'y maangkin ko pa rin ang kahit bahagi man lamang ng iyong paglingap!

Nagkahiwalay sila noon ni Lita nang walang kalinawan ang kanilang pag-uusap. Pinasibad niya ang kanyang sasakyan nang halos wala sa sariling isip. Nakarating siya noon kung saan nang wala siyang gaanong namalayan maliban sa nakatutulig na mga businang narinig niya buhat sa naiinis na mga tsuper ng mga sasakyang muntik na niyang nabangga.

Iniwan niya ang Maynila. Katulad ni Lita'y naglakbay siya upang makalimot. Nguni't kaiba kay Lita'y inihahanap niya ng katugunan ang sali-salimuot na mga damdaming nagpapahirap sa kanyang kalooban. Mga damdaming gumugulo sa kanyang diwa kahit na noong bago pa man lamang siyang nagbibinata. Sa lalawiga'y inasahan niyang makatutulong ang katahimikan at ang kalikasan upang makatagpo siya ng mabisang pagtakas, kundi man ng lunas, sa sumpa ng kapalarang itinadhana sa kanya ng Diyos at ng tao.

Gayunpama'y nawalan ng saysay ang panahon at maging ang kalayuan ng kanyang pinatunguhan upang makalunas sa kanyang suliranin. Hindi niya natakasan ang kanyang sarili.

At ngayon nga'y nagbalik siya sa magulong siyudad at sa nalalapit na kasal nila ni Lita nang wala pa ring bahagya mang katahimikan ng isip.

(Sundan sa pahina 20)

## Umibig Siya Sa Lalaking Ang Akala Niya'y Makapagdudulot Sa Kanya Ng Kaligayahan . . . Subali't Nagmalupit Sa Kanya Ang Tadhana!

ng dalagang maaari itong mangyari'y tumulo na ang mga luha nito.

—Gaga ito, a, —ang nagtatawa niyang sabi. Kinabig niya ang ulo ni Lita at inihilig sa kanyang dibdib upang di nito makita ang ulap na tumabing sa kanyang mga mata.

Nanatili ang ulap na iyon sa kanyang mga mata sa pagdaraan ng mga araw. Napatakda ang pag-iisang-dibdib nila ni Lita. At tuluyang lumambong ang ulap na iyon hanggang sa kanyang puso.

Ang ulap na iyo'y sumakop sa katauhan ni Lita nang unti-unti nitong madama ang kanyang panlalamig sa kanilang pag-iibigan. Biglang-bigla ang kanyang pagbabago. Walang paliwanag, walang babala. Naghihirap si Lita, alam niya. Ibig niyang aliwin ang katipan, pagpaliwanagan. Datapuwa't paano niya maipaliliwanag ang isang bagay na maging sa kanyang sarili'y habang-buhay niyang inihahanap ng katugunan?

Nadarama niya ang paghihirap ng kalooban ni Lita. Nakikita niya ito sa mga mata ng dalagang di-maikubli ang kalungkutan sa kabila ng di-nangungusap na mga labi. Sa padalang nang padalang na pakikipagkita niya sa dalaga'y nadarama niya ang ga-mundong paghihirap ng kalooban Lita at halos tumatakbong bumaba sa burol. Nakita na lamang niyang pinasibad ni Lita ang sariling kotse nitong dinala marahil upang mamasyal na mag-isa nang mainip sa hindi niya pagdating. Pagsakay pa lamang ni Lita'y pinatunog na nito ang busina at hindi hinintuan habang mabilis na pinasisibad ang sasakyan. Napabalikwas ang babaing kasama niya noon at buong pagtatakang nagtanong kung sino si Lita. Hindi niya sinagot ang kasama niya. Sa sarili'y wala siyang mahagilap na tugon kung bakit pinatunog ni Lita nang walang humpay ang busina ng kotse nito habang lumalayo sa pook na iyong dati'y "kanilang dalawa lamang".

Hindi na nagkaroon ng katugunan ang tanong na iyon sapagka't magmula noo'y hindi na sila nagkita ni Lita. Nabalitaan na lamang niyang nang una'y tinangka ni Litang ihanap ng lunas ang sugat ng damdamin nito sa pagnonobena sa iba't ibang santo. Sumunod ay nabalitaan niyang nangibang-bansa si Lita nang may kung ilang buwan. Nang magbalik sa Pilipinas si Lita ay kapuwa na sila nagbago nang napakalaki.

Sa buong panahon ng ipinagkalayo nila ni Lita'y pawang kaguluhan ang naganap humpay ang busina at nalulunod ang nagtatanong na mga tinig sa ingay ng busina.

—Ang ipinagtataka ko rito kay Rody, —anang isa sa barkada habang nag-iinuman sila, —ay ang pangyayaring wala namang ibinubungang grabe ang kanyang pagkabohemyo.

Sa nagtatakang titig ng mga kasama'y idinugtong ng nagsalita: —Hindi siya nagkakaanak!

Minsa'y tinawagan siya sa telepono ni Lita. Ibig daw nitong magkausap sila. Matagal na noong nakabalik sa sariling bayan ang dalaga.

—Hindi ko iniaalis sa iyong magkaroon ng maraming kasintahan, —ang halos humagulhol na wika ni Lita nang magkaharap sila. —Hindi ko pinakikialaman kung sino pa man at kung ilan ang gustong paloko sa iyo, nguni't huwag mo akong tuluyang layuan!

Hindi siya nagsalita.

—Alam kong alangan sa isang babaing katulad ko ang magsalita nang ganito, —ang patuloy ni Lita. —Nguni't unawain mo sana ako. Tao lamang ako, at taong nagtataglay ng lahat ng kahinaan ng katawang-lupa. Ang pag-ibig ko sa iyo ang matatawag mong kahinaan ko, ang pag-ibig ko sa iyong hindi napawi ng iyong kalupitan at ng layo ng aking

## Sa Liwanag ng ILAW

ni En. C. Agleham

### gubat na makulay

*sa loob ng isang tahimik na gubat,*
*nasok kaming ako'y tila nangangarap;*
*sa halip ng baging na sagwil sa bungad,*
*ang aking nakita'y hibla ng liwanag.*

*ang huni ng ibon, dito, ay kaiba*
*—hubad sa lambinga'y hindi sa pagsinta—*
*kay-sarap namnami't ang nagpapaganda,*
*parang nagbubuhat sa labi ng ina.*

*mga punungkahoy ay walang-iniwan*
*sa nangakaluhod sa isang simbahan;*
*mga alitaptap na kislap ng buhay*
*ay hindi panlupang tilamsik ng ilaw.*

*dini rin narinig ang mga taginting*
*ng piling kudyaping hindi mapagdaing—*
*ang nanganunulay sa bilang na bagting*
*ay awit na pawang di-habi sa dilim.*

*walang umuusad na ipagdurusa,*
*bunga ng halamang ipagkakasala;*
*sa matuwid bawa't nanampalataya,*
*malinis ang landas at mapanghalina.*

# Espanyola





**Maganda Ang Pagkakilala Niya Sa Buhay . . . Hanggang Sa Dumating Ang Dalagitang Espanyola, At . . .**

***ni R. E. BAUTISTA***

MADILIM PA, ay nagisnan na ni Angelitong nakabasta ng pag-alis si Kabesang Ambo patungong Villa Montserrat. Dali-daling lumuhod sa ulunan ng banig si Angelito at nagdasal. Isang mahigpit na utos ng kanyang ama ang pagdarasal pagkagising. Narinig niya ang mga yabag ng Kabesa na papalabas sa salas at mabilis na nag-antanda si Angelito. Hindi na nabigkas ang amen at dali-daling tumayo buhat sa pagkakaluhod.

—O, tapos ka na bang magdasal? —Nag-aalinlangang tanong ng Kabesa nang makitang naghihilamos ang anak. —At, saan ba'ng punta mo niyan?

—E, sa Villa po. Pinapupunta kami roon ni Maestrong Tino upang mag-ensayo ng aming sayaw.

—Nang ganito kaaga? Oy, mamaya ka na pumunta roon at pawalan mo muna'ng mga kalabaw. Huwag mong pawawalan si Damulag at nanira sa pitak ni Ba Gusting kahapon. Bigyan mo na lang ng damo sa kural.

Biglang-biglang nawala ang kasiglahan ni Angelito. Kagabi pa niya inaasam-asam magumaga upang makapunta sa Villa. Nagunita niya si Teresa. Naroon na marahil sa Villa Montserrat si Teresa, kasama ni Aling Iska. Bakit ganoon na lamang ang paghahangad niyang masilayan ang dalagita? At bakit ngayong mabigo siyang makapunta agad sa Villa Montserrat ay parang may isang kamay na dumakot sa kanyang puso?

—At, bago ko malimutan, sumaglit ka sa kumbento at sabihin mo kay Padre Francisco na sa magtatakipsilim na ako magsasadya roon. Huwag mong kalilimutan.

At, nanaog ang matanda.

MARAMI NANG TAO sa Villa Montserrat nang dumating si Kabesang Ambo. Naroon na si Pareng Kikoy at nangangasiwa sa paglilitson. Nangingintab ang mukha ni Pareng Kikoy sa anag-ag ng liwanag ng sulo.

—Oy, Pare... kangina pa ba kayo, ho, Pare? —Bati ni Pareng Kikoy sa Kabesa.

—Ngayon-ngayon lang ho, Pare. Sa wari ko'y hindi na ninyo tinulugan 'yan, a.

—Ang lagay ho'y tamangtama lang ang aming pagsasalang. Kataong hinahango'y nagdaratingan naman ang mga bisita.

—Mukhang engrande ang handaan, ho, Pare?

—Tatlo ho'ng aming nilitson sa pitong pinatay, Pare. At bukod sa apat na kinatay ay dalawang baka pa'ng ibinuwal. Aywan ko ho kung ilang tangkal ang manok na ginilitan. Hayun at kahapon pa sinasangkutsa nina Mareng Salud at Da Mareng.

—At waring napakaraming bisita ang magsisidating, ano po?

—Aba, e, ang dinig ko'y darating ang Gobernador-Heneral. Darating din daw ho ang matataas na opisyal sa iba't ibang prubinsiya.

Iginala ni Kabesang Ambo ang paningin sa kalaganapan ng asyendang kinatitirikan ng Villa Montserrat. Sa nagsusumabog na liwanag ng mga kingke ay buong dingal na nangungusap ang mga palamuti ng Villa.

—Magandang umaga po, Kabesa.

—Aling Iska! Magandang umaga sa inyo.

—Magandang umaga po...

—Oy, Ineng. —Ipinatong ng Kabesa ang palad sa ulo ng dalagitang katabi ni Aling Iska. —May dalaga na pala kayo, Aling Iska.

—Ang lagay ho'y dalagita pa lamang. Ang binata ninyo?

—Hmmm... —tumikhim ang Kabesa. —Nasa bahay ho, Aling Iska.

Sinundan ng tingin ng Kabesa ang papalayong mag-ina. Tatlong taon pa lamang ang nakalilipas, humigit-kumulang, ang dalagitang anak ni Aling Iska'y isa pa lamang bata. Bata pa rin noon ang kanyang si Angelito. Natatandaan niyang kasama noon ni Aling Iska ang dalagita at nakipaglamay kay Juana, sa kanyang kabyak. Noo'y taong 1893. Kararating lamang ni Gobernador-Heneral Ramon Blanco sa Maynila. Tandang-tanda niya ang lahat... At, ngayo'y dalagita na ang anak ni Aling Iska. Binatilyo na rin ang kanyang anak. Kay dali ng paglipas ng panahon. Napakadali ng tatlong taon sa buhay ng isang tao. At kay laki ng ipinagbabago ng isang tao sa loob ng tatlong taon.

Napabuntunghininga si Kabesang Ambo.

Wala pa siyang nagagawa. Nguni't bakit kailangan niyang gumawa; siya'y isang Kabesa. Pinagpipitaganan siya ng lahat. Naroon siya, hindi upang magluto, kundi upang makita lamang ni Don Alfonso, at masabi ng matandang Kastila na siya'y marunong dumamay. At hindi hinihingi ng pangyayaring gumaya siya sa kanyang Pareng Kikoy o kay Mang Goryong Pilapil; may sarili siyang bukid at hindi nakikisaka.

Muling bumuntunghininga si Kabesang Ambo. Iba nang usapan kung ang paghahandang ginagawa'y ukol sa simbahan. Inilingap ng matanda ang paningin sa kababaihang abala sa pagluluto. Talagang isasabak niya ang kanyang katawan kung paghahandang ukol sa relihiyon ang ginagawa sa Villa Montserrat. Makatatlong ulit niyang lilinisin ang karosang pinagsasakyan ng Nazareno, kung hinihinging linisin niya iyon ng tatlong ulit. Ang pangkaluluwang tungkulin, gaya ng narinig niyang sermon ni Padre Francisco, ay may pangakong buhay na walang hanggan.

Walang likat sa paggawa sina Aling Idad, Impong Oyang at Kaka Gonyang. Sa diwa ni Kabesang Ambo ay parang nabuo ang larawan ng tatlo sa katauhan ng magkakapatid na Marta, Maria at Lazaro. Kailan ba iyon isinermon ni Padre Francisco? Hindi na matandaan ni Kabesang Ambo. Subali't parang nakikita niya ang buong pangyayari: Naghahanda noon si Marta, abalabala, habang nasa bulwagan si Kristo at nangangaral. Pagod na pagod si Marta sa paghahanda ng makakain ng mga panauhin. Nag-iisa siya sa kusina. At nang makitang nakikinig lamang si Maria, ang kapatid, ay lumapit ito sa Nazareno at isinumbong si Maria; ayaw daw tulungan siya.

Para ring nakita ni Kabesang Ambo ang pagsasalita ni Kristo. Waring narinig niya ang sinabi: Marta, Marta, naliligalig ka at nababagabag tungkol sa maraming bagay; datapuwa't isang bagay ang kailangan; sapagka't pinili ni Maria ang magaling na bahagi, na hindi aalisin sa kanya.

Marami, oo, napakaraming naliligalig tungkol sa buhay na ito. Humakbang si Kabesang Ambo. Marami nga. Maraming nagwawalang-bahala sa kanilang kaluluwa. Umiling-iling ang Kabesa; may panghihinayang na ngumangatngat sa kanyang puso — nanghihinayang siya sa maraming kaluluwang bumabalaho sa lusak ng pagkakasala. Nagunita ng Kabesa si Padre Francisco, ang kura-paroko ng simbahang Pransiskano sa kabayanan. Salamat sa matandang alagad ng pananampalataya at di siya napabilang sa maraming kaluluwang naghihintay lamang... naghihintay ng araw upang humarap sa Dakilang Hukom.

MATAAS NA ANG ARAW nang magbalik si Angelito buhat sa hulo. Naghihimagsik ang kanyang kalooban. Kung hindi sa paninira ni Damulag sa pitak ni Ba Gusting kahapon ay nasa Villa na siya kangina pa. Itinambak niya ang bulto ng damong naalap sa hulo. Aabutin na ng maghapon bago maubos ni Damulag ang mga damong iyon.

Lilisanin na ni Angelito ang kural upang maligo nang

*(Sundan sa pahina 20)*

Pangkabataan

# "ITO ANG AKING AKDA"

** KABATAAN: Ipadala sa pitak na ito ang "unang bunga ng inyong panitik" at... abangan. Kung "maaari" rin lamang ay tiyak na malalathala. Ang karampatang pabuya sa bawa't malathala ay masisingil ng may-akda sa tanggapan ng "Bagong Buhay", Gusaling Times, Florentino Torres, Maynila.

Tandaan: huwag kukulangin sa kalahati (½) at huwag namang hihigit sa isa't kalahati (1½) ng karaniwang papel-makinilya ang haba ng bawa't akda, at makinilyado sa dalawang patlang (double space). Maaari ring sulat-kamay, kailanpama't maliwanag ang pagkakasulat at may malaki-laking patlang (space).

Ang bawa't akda ay kailangang lakipan ng kupong nasa ibaba. Maaaring magpadala ng kahit ilang akda kailanpama't ang bawa't isa ay may kasamang kupon, alalaong baga, kung dalawang akda ay dalawang kupon, at kung tatlong akda ay tatlo ring kupon. Ang akdang walang kalakip na kupon ay hindi isasaalang-alang.

**Ipadala ang inyong akda, sa: Pitak ng "ITO ANG AKING AKDA", Magasin ng Bagong Buhay, Gusaling Times, Florentino Torres, Maynila.**



## ANG DAKILANG PINUNO

KUNG ating pag-aaralang mabuti ang kalagayan ng sanglibutan sa ngayon, tatanggapin natin na lubhang kailangan ang isang lider na makapag-aakay sa atin sa isang landas na tungo sa kapayapaan at katahimikan. Marami ang naghahangad na maging pinuno ng isang dakilang bansa, nguni't ang karamihan sa kanila ay naghahangad, hindi upang maging tagapamuno ng isang mabuti at marangal na layunin, kundi ng isang marumi at di-makatarungang pamahalaan.

Sa kasaysayan ng mga namumuno sa iba't ibang bansa, bibihira ang naging matapat sa kanilang mga tungkulin. Ang bagay na ito ay hindi natin dapat pagtakhan, sapagka't ang tao ay may kani-kaniyang kahinaan at walang may ganap na kabutihan.

Isang malaking kapalaran ng isang bansa ang magkaroon ng isang mabuting pinuno. Subali't bihira nga ang nagkakaroon ng ganyang kapalaran.

Dapat nating katakutan ang isang pinunong hindi ginagamit ang talino sa kabutihan at kapakanan ng kanyang nasasakupan kundi sa kapakanan lamang ng kanyang sarili. Ito ay walang iniwan sa isang linta na siyang sisipsip sa dugo ng kanyang bayan.

Subali't alam na natin na ang bawa't bagay ay may kani-kaniyang kabaligtaran. Kung may langit ay may lupa. Kung may maganda ay may pangit. Kung may mabuti ay may masama. Kung mayroon mang mga lider na naging masama at naglaksil sa kanilang tungkulin, mayroon din namang mga lider na mabubuti at mga dakila. Ang masasamang lider ay di kinagigiliwan ng mga tao, manapa'y kinapopootan at kinasusuklaman. Nguni't ang mabubuting lider ay kinagigiliwan at halos sambahin ng lahat.

**"Ang walang nagawa kundi Kasamaan,**
**May kasaysayan nga'y imbing kasaysayan;**
**Ang naging dakila bago sumahukay,**
**Ang istorya'y ginto't ginto ang pangalan:**
**Ang Taong masama: Buhay man ay patay...**
**Ang mabuting tao: Patay man ay buhay..."**

Tunay na ang kabutihan ng isang tao ay nag-iiwan ng gintong kasaysayan. Dahil sa kanyang mga nagawa, siya'y kinikilalang bayani. Ang lahat ng papuri at parangal ay iginagawad sa kanya bilang pagkilala sa kanyang kadakilaan at mga simulaing nagsilbing gintong halimbawa.

Dahil diyan, bakit hindi hangarin ng ating mga pinuno at patnubay ng bansa na sila'y maging mga dakila rin upang makapag-iwan ng mga gintong kasaysayan?

**—CLARITO MAR. NOBLE**
**622 Raymundo**
**Caridad, Cavite**

## Ako'y Pilipino

*Ako'y Pilipino sa anyo at kulay,*
*Lupang kayumanggi ang aking nilakhan,*
*Bansang Pilipinas ang kaniyang ngalan*
*Na tinaguriang "Perlas ng Silangan".*

*Itong aking bansa ay lubhang mayaman*
*Sa mga tanawing maganda't makulay;*
*Ito'y sagana rin sa lahat ng bagay...*
*Magagandang ibon at mga halaman.*

*Ang aking watawat ay may tatlong kulay,*
*May tatlong bitui't saka isang araw,*
*Bawa't isa nito ay may kahulugan*
*Na siyang sagisag nitong Inang Bayan.*

*Nasasa ugat ko ang dugo ni Ragam,*
*Bayani ng lahing di malilimutan;*
*Nasasa puso ko ang kabayanihan*
*Ng mga Gat Rizal, Mabini, del Pilar.*

*Ang lahat nang ito'y mga katangian*
*Niring pagkatao at mahal kong bayan;*
*Di maitatatwa ng kahit sinuman—*
*Ako'y Pilipino... isang karangalan...!*

**—Felicitas M. Cruz**
**Jose Rizal Institute**
**Orani, Bataan**

## ANG MAPINTASIN

SA BAYAN ng San Isidro ay may naninirahang maganak, sina Tata Ambo at Nana Beltra at ang kanilang anak na dalagang si Cecilia. Si Cecilia'y mabait at maganda, nguni't de-primerang mapintasin, lalung-lalo na sa kanyang mga tagahanga.

Isang araw...

"Iha, matanong nga kita. Sino ba sa mga nangingibig sa iyo ang napipisil mo, ha?" ang tanong ni Tata Ambo.

"Oo nga naman, Cecilia. Sabik na sabik na kami ng ama mo na masilayan ang aming magiging apo bago kami sumakabilang-buhay," ang sabi naman ni Nana Beltra.

"Wala pa nga ho eh..." ang tugon ni Cecilia, at nagkamot pa ng ulo.

"At bakit naman?" naitanong ni Tata Ambo. "Sa dinami-dami ba ng nanliligaw sa iyo, e..."



"Kasi ho, e, mayroon akong hindi naiibigan sa kanilang mga ugali," ang paliwanag ni Cecilia. "Gaya ho ni Doro, napaka-pustoryoso, gayong wala namang sinasabi. Si Andres ho naman ay napaka-palabiro at tawa nang tawa. Nakakainis. Si Tonyo ho naman ay napaka-pasikatero. Si Galo ho naman ay de-primerong mapangarapin kahit na gising at singlaki ng bombilya ang mga mata. At si Delfin naman ho ay..." At nagtawa si Cecilia.

"Aba e, paano ngayon iyan, iha? Kailan mo pa matatagpuan ang lalaking kakasamahin mo sa buhay!" nasabi ni Tata Ambo.

"A! Basta ho ayaw na ayaw ko na may kapintasan ang lalaking maiibigan ko," ang tugon ni Cecilia at nasok na sa kanyang silid.

Lumipas ang mga araw.

Hindi pa rin nagbabago ang pagkamapintasin ni Cecilia, bagama't lalo namang naragdagan ang kanyang mga tagahanga. Isang araw, tatlong lalaki ang nag-uusap sa may tindahan ni Doro. Hindi nagtagal at naghiwa-hiwalay, pagkatapos na mapagkasunduan ang isang bagay na pinag-usapan.

At kinagabihan...

"Tao po!" ang tawag ng isang babae sa tapat ng bahay nina Tata Ambo. At lumabas si Tata Ambo na pupungas-pungas pa.

"Ano ba ang kailangan ninyo?" ang tanong ng matanda.

"Alam po ninyo ang akin pong may-bahay ay tila sumasakit ang tiyan, kung kaya't kami po'y nakikiusap na kung maaari'y sa inyo na kami manunuluyan ngayong gabi," ang sabi ng lalaki, na umaalalay sa babae.

"Kung gayon ay magtuloy kayo..." ang anyaya ni Tata Ambo, at tinawag sina Nana

*(Sundan sa pahina 31)*

Pitak ng "Ito Ang Aking Akda"
Magasin ng Bagong Buhay
Gusaling Times, Florentino Torres, Maynila

G. Patnugot:

Kalakip po nito ang isa kong akda na may pamagat na ..........................................
...........................................................................
Pangalan: ..................................................
.............................................. Edad: ........
Tirahan o paaralan: ............................................
...........................................................................

# Ulilang Halaman

nobela ni Potenciano Carreon, Jr.

(Ika-10 Labas)

HINDI maipaliwanag ni Rafael kung bakit hindi sumipot si Tinoy nang gabing iyon. Marahil nga'y nagdamdam sa kanya ang bata, gayon ang naisaloob niya.

Nakababagabag din sa isipan ni Rafael si Dora. Hindi niya madaling nakalimutan ang kalagayan ng dalaga. Ang lahat ng iya'y nagiging dagdag sa pag-aalaala naman niya kay Maria Luisa. Bakit kaya hindi nagbalik ang kanyang katipan?

Kinahapunan naman ng sumunod na araw, si Rafael ay nagsadya sa tahanan nina Maria Luisa. Ibig niyang makabalita kay Susana, ang kapatid na matanda ni Maria Luisa. Marahil ay may masasabi sa kanya si Susana tungkol sa kapatid.

Dinatnan ni Rafael si Susana na nasa hardin at tulaktulak nito na nasa silyang may gulong ang anak na pilay, si Diana. Si Diana ay kaisa-isang anak ni Susana. Maliit pa si Diana nang magkasakit ng polyo. Namatay ang isang paa nito. Ngayon ay may anim na taon na si Diana.

—Ano, Rafael... ngayon ka lamang napasipot, —masayang salubong ni Susana sa alam na kasintahan ng kapatid.

—Dumalaw naman ako, pagka't baka mawika ninyong ngayo't wala si Maria Luisa ay hindi na ako nakaalaala, —tugon ni Rafael.

Pinaupo ni Susana si Rafael sa isa sa mga silyang talagang pahingahan sa hardin. Tinulungan muna ni Susana si Diana na umalis sa silyang may gulong. Pagkatapos ay inabot sa anak ang muleta.

—Lumakad ka na, Diana, —sabi ni Susana. —Oras na ngayon sa paglakad mo. Huwag kang lalayo, diyan ka lamang sa naaabot ng mata ko.

Lumakad ang bata sa tulong ng muleta.

Hinarap ni Susana si Rafael. —Ang hirap nitong umalis ang tagapag-alaga ni Diana, —ani Susana at bumuntong-hininga. —Ako ngayon ang napatali sa kanya.

—Umalis pala ang tagapag-alaga ni Diana. Ba, e, hindi ka dapat magpakaabala sa akin. Namamasyal-masyal lamang naman ako.

—Hindi ka ba binabalitaan ni Maria Luisa? —tanong ni Susana.

—Isang telegrama ang tinanggap ko sa kanya, at ibinalita niya sa aking hindi siya makauuwi. Hindi na niya ako binalitaan pagkatapos.

Sinulyapan ni Rafael ang batang pilay.

—Tingnan mo at papalayo si Diana, —ani Rafael. —Huwag na tayong mag-usap dito. Baka makaligtaan mo siya. Tena, sundan natin siya.

Tumindig sila sa pagkakaupo at lumakad na pasunod sa bata.

—E, ikaw ba? Hindi ka ba binabalitaan ni Maria Luisa? —usisa ni Rafael.

—Kahapon lamang ay tumanggap ako ng sulat niya. Sinasabing may nakilala siyang **social worker** na taga-Sebu. Pinigil daw siyang umuwi. Pinagbakasyon daw muna siya roon, at nagpaunlak naman siya. Baka raw sa isang linggo ay dumating siya.

Hindi na kumibo si Rafael. Naligayahan na rin siya na malamang hindi magtatagal at darating na ang kasintahan.

—Maalaala ko pala... wala ka bang nalalamang maaaring maging tagapag-alaga ni Diana? —tanong ni Susana habang magkasabay sila ni Rafael sa pagsunod sa batang pilay.

Biglang sumagi sa isip ni Rafael si Dora. Si Dora ay naghahanap ng trabaho.

—May nakikilala ako, Susana, —tugon ni Rafael. —Nguni't hindi ko lamang matiyak kung papayag siyang maging karaniwang tagapag-alaga ng bata, pagka't nakatapos siya ng **Normal** at naghihintay lamang na matawag sa pagtuturo.

—Iyan nga ang ibig ko, —natutuwang sabi ni Susana. —Talagang naghahanap din ako ng makapagtuturo kay Diana na sumulat at bumasa. Sabihin mong bibigyan ko siya ng isang daan at limampung piso isang buwan.

—Hayaan mo't kakausapin ko.

—Kung maaari sana'y papariituhin mo na kahit bukas, —sabi pa ni Susana. —Talagang kailangang-kailangang may tagatingin kay Diana. Ako'y wala na tuloy maasikaso sa bahay.

Hindi nagluwat at nagpaalam na si Rafael. Naliligayahan siya at nakatanggap ng balita tungkol kay Maria Luisa, at nakagagalak din sa kanya ang pangyayaring tila makatutulong siya sa kagipitan ni Dora.

Walang sinayang na panahon si Rafael at panggagaling niya kina Susana ay nagsadya na siya kay Dora. Masayang ibinalita niya sa dalaga ang tungkol sa trabaho.

Isinulat ni Rafael sa kapirasong papel ang pangalan ni Susana at ang direksiyon. Ibinigay niya kay Dora.

—Bukas ng umaga'y magsadya ka sa direksiyong iyan at hanapin ang pangalang iyan, —wika ni Rafael. —Sabihin mo sa kanyang ikaw ang aming napag-usapan.

Gayon na lamang ang pagpapasalamat ni Dora kay Rafael.


Pagkatapos niyon ay naalala ni Rafael si Tinoy. Sinabi ni Dora na kaya hindi sumipot ang bata'y sadyang nagtago nga ito kay Raafel. Sa bahay ng isang kababata natulog.

—Ang hangad ko ay kunin siya, Dora, —wika ni Rafael. —Kagabi'y hindi ako nakatulog at si Tinoy ang nasa isip ko. Naiisip kong kaya nasasabi kong "hindi ako napaligaw" ay isang mabuting tao ang kumandili sa akin noong ako'y maulila. At ang mabuting taong iyon ang kamay na umakay sa akin.

—Ang kailangan lamang talaga ni Tinoy ay isang makatitingin sa kanya, —sambot ni Dora.

—Sumama kaya sa akin si Tinoy?

—Pinangaralan ko nga, at ang sabi ko, kung ayaw ni-



yang sumama sa iyo, sabihin niya. Nag-iiyak siya. Ibig nga raw niyang sumama sa iyo, kahit maging alila mo... Ikaw raw ang ayaw sa kanya.

—E, nasaan siya?

—Inutusan ko lang na maghatid ng isa kong tahi; darating na iyon.

Kinausap ni Rafael si Aling Senday. Ipinagtapat ang kanyang balak na kunin si Tinoy. Sabi niya'y pag-aaralin ang bata at sa mga araw na walang klase ay saka lamang niya pauuwiin sa piling ni Aling Senday. Pumayag ang matanda at nagpasalamat kay Rafael sa kagandahang-loob nito.

Nang umuwi si Rafael kinagabihan ay kasama na niya si Tinoy.

ISANG linggo ang nakaraan. Si Tinoy ay ipinasok ni Rafael sa isang paaralang pribado. Natanggap naman ni Susana si Dora na maging tagapag-alaga ng pilay na anak nito.

Mula nang mapapasok na pasensiyahan mo ako, —malambing na sambot ni Maria Luisa. —At saka mabuti na ang mahirati ka sa ganyan, pagka't baka kung makasal na tayo'y pipigilan mo ako sa aking mga lakad.

Hindi na sumagot si Rafael. Sumakay na sila sa kotseng ginagamit niya at inihatid sa bahay ang kasintahan.

—At ikaw naman... anu-ano naman ang pinaggagawa mo noong wala ako? Marahil, dahil sa pagkainip mo ay kung sinu-sinong dalaga ang naging ka-**date** mo, —ani Maria Luisa na siya namang nag-usig kay Rafael.

—Wala akong naging ka-**date** na sino man, —patawang sagot ni Rafael. —Sa umaga'y aalis ng bahay at tuloy sa tindahan at sa hapon naman ay aalis sa tindahan at uuwi ng bahay. Iyan lamang ang naging buhay ko nang wala ka.

—Kung gayo'y naging mabait kang bata.

—Mabait na mabait!

## Dahil Sa Nagaganap Na Pangyayari, Tila Mag-iiba Ang Kulay Ng Buhay Para Kina Rafael At Maria Luisa

tagapag-alaga ni Diana si Dora ay hindi sila nagkakausap ni Rafael. Nguni't batid ni Rafael na nakakaluguran ni Susana ang dalaga, pagka't madalas siyang tumatawag sa telepono sa kapatid ni Maria Luisa at nag-uusisa tungkol kay Dora.

—Madaling nakagiliwan ni Diana si Dora, —wika pa nga ni Susana kay Rafael sa Telepono. —Magkaibigang-magkaibigan ang dalawa.

Isang umaga, dumating kay Rafael sa kanyang tindahan ng mga aklat ang isang telegrama ni Maria Luisa, na nagbabalitang darating ang dalaga sa ganap na ikatlo ng hapon ng araw na iyon.

Sumalubong si Rafael kay Maria Luisa. Dumating naman ang kasintahan. Sa paningin ni Rafael ay lalong gumanda si Maria Luisa.

—Sa palagay ko'y naging maligaya ka naman, pagka't sa tingin ko'y mas malusog ka ngayon kaysa noong umalis ka. Kaya nalilimot ko na nga ang aking mga hinanakit.

—Alam ko namang pagpa-

Masuyong humilig si Maria Luisa sa balikat ni Rafael. Pumikit na parang natutulog. Pinabayaan namang gayon ni Rafael ang kasintahan. Iniisip niyang baka napapagod ito.

Nakahilig pa sa balikat ni Rafael si Maria Luisa nang pumasok sila sa pinto ng bakod ng rehas na bakal ng malawak na bakuran nina Maria Luisa. Nakahinto na ang kotse sa tapat ng hagdan ng malaking bahay nang magmulat ng mga mata si Maria Luisa.

—Naririto na pala tayo! —sambit nito.

Nang mga sandaling yao'y nasa hardin sina Dora at Diana. Nakita ni Diana ang pagdating ng kanyang ale.

—Tita! Tita Maria Luisa! —sigaw ng bata at pipilay-pilay na tumakbong pasalubong sa ale.

Tumatakbo ring sumunod si Dora sa bata. Nakalapit sila sa auto. Para siyang nawalan ng loob nang makita niyang si Rafael ay kasama ng magandang Tita ni Diana.

(ITUTULOY)

# Mag-MADYIK Tayo


ni BA ARYO

## Ang "Barahang Namamahay"

Noong minsan ay nagkaroon kayo ng isang "barahang miserable". Katulad niyon, ang isang mababanggit dito'y namumukod sa ibang baraha.

Ang baraha ninyo ay tinaguriang "barahang namamahay" sapagka't tiyak na matuturol ninyo ng kinalalagyan o *tinitirhan* ng barahang ito. Kapag natutuhan ang madyik na ito'y maniniwala nga ang inyong mga kaharap na ang baraha ay *namamahay*.

Iabot ninyo sa inyong kaharap ang isang salansan ng baraha. Sabihin ninyong lahat ng baraha roon ay may kani-kaniyang bahay. Papagtandain ninyo siya ng isang baraha, at ang bilang ng barahang iyon sa salansan. Isa namang kaibigan ninyo ang papagsabihin ng bilang na hindi hihigit sa sampu. Pagkatapos ay "madyikin" na ninyo sa inyong likuran ang mga baraha. Kapag muli ninyong ibinigay sa nagtanda ng baraha ang salansan at siya ng bumilang, makikita niyang ang barahang kanyang tinandaan ay nasa sariling bahay at "nakaharap" sa kanya.




Narito ang sistema:

Isang kaibigan ninyo papiliin ng isang barahang hindi lalagpas sa ikasampung bilang at isa naman ang papagsabihin ninyo ng bilang na hindi rin hihigit sa sampu.


Halimbawang napili ng kaibigan ninyo ang barahang J, na siyang ikatlong baraha o bilang 3. (Tatandaan niya ang bilang nguni't hindi ipaaalam sa inyo.) Halimbawa namang ang ibinigay na bilang ng isa pa ninyong kaharap ay 9. Pagkasabi nito'y ipasa-likod ninyo ang salansan.

Hindi ipinakikita sa inyong mga kaharap, baligtarin ninyo ang pagkakasunud-sunod ng mga baraha ng salansan. Kapag nagawa na ninyo ito, ang barahang 6 na dating ikasiyam na baraha sa unang pagkakaayos ay mapupunta sa unahan sa ikalawang pagsasaayos.

Ibigay ang bagong ayos na salansan sa unang kaibigan. Sabihin ninyo sa kanya na bumilang siya ng 9, na nagsisimula sa bilang na tinandaan niya. Sa kanyang sarili'y bibilang siya ng 3, 4, 5, 6, 7, 8, 9. (Nagsimula siya sa "3" sapagka't iyon ang tinandaan niyang bilang ng baraha sa unang pagkakaayos.)

Sa bilang na 9 ay hihinto siya sa barahang J. Ito ang tinandaan niyang baraha... na nasa *sariling bahay*. (Tingnan ang pagbibilang sa ikalawang pagkakaayos.)

Tandaan: Sa ikalawang pagbilang ng inyong kaibigan ay hindi sa bilang 1 siya magsisimula kundi sa tinandaan niyang bilang ng puwesto ng baraha sa unang pagkakaayos.




O, ano, mga kapanahon, mga anak, mga ineng, mga amang? 'Ku, magkakak'wentuhan na naman tayo... he-he-he. (Alam n'yo'y pilit kong binabago ang tawa ko ngayon. Di raw nagugustuhan ni 'Mareng Durang. Di ko na sana iniintindi, pero, masakit sa tenga'ng biro n'ya — sa tawa ko raw e, tila nakakaloko ako, he-he-he...)

Linggo ngayon ng gabi. Di ko na sasabihin kung tahimik o hindi. Napapahiya na 'ko, e. Talaga nga segurong me kaguluhan dito sa baryo, o dito sa paligid-ligid. 'Ba, kungdi ba naman, e... gaya na lang no'ng 'sang linggo, kasasabi ko lang na **walang kaingay-ingay,** e bigla na lang nagkagulo d'yan sa tapat, kina Onyang. Naghagaran ng walis-tambo'ng mag-ina.

Pero, di bale. Hmmm... 'nong malay natin, baka sa tinagal-tagal, e masanay ako sa ingay. Baka dumating ang araw na di ako makapagkuk'wento sa inyo kapag 'alang ingay. 'Ku, pag nagkagayon, e... laking grasya...

S'yanga pala... 'ku, di nga pala tayo nagkaistoryahan no'ng nakaraang Linggo, ano. 'Ku, e, kayo na'ng magpapasens'ya. Alam n'yo'y medyo bumigat ang katawan ko at nahuli sa **deadline.** Natakot pa ko't baka putulin na'ng pitak na ito, e.

---

KAMAKALAWA, e, sa-susugod dine si Pitring, isang apo ko sa pinsan. Pagkapanhik na pagkapanhik ng d'yaski e, bumanat na ng iyak, ng paluha-luha.

—Pa'no naman kaya 'tong buhay namin, Tata Kanor, — bimutok ng d'yaski.

—O, bakit na naman. Ba't ba ikaw e, di na napunta rito nang nakatawa? —naidale ko naman.

—Ayyy, Tata Kanor, kung alam ko lang na ganito pala, hindi na sana ako nag-asawa, hu-hu-hu...

—Bakit? Bakit nga? Ba't ka nagkakaganyan?

—E, si Intong hu, e...

—O, ano si Intong? Binugbog ka ba? 'Ba, mabait namang...

—Hindi ho. May ilang araw nang hindi siya nakakaupo sa madyong. Natrangkaso s'ya.

—O, e, ma'no kung di makapagmadyong?... Humihingi ba ng puhunan, e... 'ala kang ibigay? —me pagkayamot nang nasabi ko sa aking apo.

—Hindi hu 'yon ang iniiiyak ko...

—O, e, ano?



—Mahal na hu'ng bigas ngayon. Mahal na hu'ng asukal.

Di na 'ko nakatiis: —'Ba, Pitring, ikaw ba bata ka'y nilalagnat! Gusto mo bang tawasin muna kita, ha? Ano ba 'yang sinasabi mong di makapagmadyong si Intong, mahal ang gano'n, mahal ang ganito?

—Gano'n nga ho, Tata Kanor. Mahal na hu yata'ng lahat ang bilihin. At ang iniiiyak ko'y wala kaming kapera-pera. Pahiramin n'yo si Intong ng mapupuhunan, hu-hu-hu.

Nakita n'yo, di, dinaan lang pala muna 'ko sa pasikut-sikot ng... ku!

'Ku, talaga rin naman. 'Ba, naku, sinabi ko sa iniyong mabuti't di ko nalimutang babae'ng kaharap ko. Kungdi e, baka naaldabis ko'ng damuhong si Pitring. Nungka, ngayon lang ako nakakita ng asawang umiiyak pag hindi nakapagmadyong ang asawa. Pa'nong di magkakagayon e, sa ang hanapbuhay ng mabait kong manugang e, magmadyong. Pambihira. Pambihirang talaga.

---

ANG IGIBAN dito sa 'min, e, poso-artesyano. Malaking ginhawa sana pagka't no'ng araw e, sa mga balon at balong sa baybay-sapa lang kami nagsisiigib. Ang hirap naman, sumpungin ata'ng poso namin.

Kung minsan, me t'yempong burak ang lumalabas sa 'ming poso. At ang kahirap-hirapan, sa mga t'yempong ito, e, me t'yempo pang natatagalan, isang oras o dalawa kung minsan, bago luminaw ang tubig.

'Sang araw, e, inilapit namin 'to ke Alkalde. Sabi ni



Alkalde: —Pa'no ba 'yan, wala na'ng Pangulong Magsaysay (sumalangit nawa)... Hanyo't pagkatapos ng eleks'yon e, magpapagawa ako ng isa pang poso rito. Kung ako ang lalabas uli!

---

DITO sa baryo e, talagang mararalita kami. Bihira ang me naabot o nalalaman, 'ika nga. Sa gayon, makitid ang pag-asa namin sa buhay. Wala kaming nalalamang paraan ng pagpapaunlad ng kabuhayan kundi ang **tipirin ang aming karalitaan, tipirin ang salaping sa bibig lang namin e, kulang pa.** At ang tangi naming pag-asa upang yumaman (kapag me yumaman sa amin, umaalis sa baryong ito, gaya ni Gundong), e, dadalawa: h'wetong at ang bakit di ko tama-tamaang swipisteyks.

---

MAY ILANG buwan na ang nakararaan...

Humahangos na pumasok sa kanilang tarangkahan si Balintin. Hindi pa nakapapanhik, e, nagisigaw na: **Tale, Tale, tumama tayo sa swipisteyks,** sabi ni **Binong Ahente** (ng tiket).



Si Tale'y pahangos ding sumalubong sa asawa. Tuwang-tuwang rumagasa nang papanaog sa hagdan sabay sa di mabilang na pagsambit ng **D'yos ko po, D'yos ko po. Ay Salamat.** Nguni't bago nakapanaog ay nagkabisala ang kanyang mga paa sa hagdan at tuluyang nahulog. Gayunman e, tuwang-tuwa pa ring bumangon at napayakap ke Balintin. Hindi na pinansin ang nagalusang mukha sa laki ng kagalakan. Abut-abot ang tanong kung anong prem-yo'ng tinamaan nila.

'Ba, sa pagtataka ko, hindi nakasagot si Balintin. Biglang nalungkot at me pagkaawang napatingin sa nagalusang mukha ng asawa. Seguro'y kinahabagan si Tale sa pangyayaring nahulog iyon sa katuwaan. Hinaplus-haplos ang nagasgas na pisngi ni Tale at paalalay na ipinanhik ito.

Hinintay kong magbalot ng abubot sina Balintin at magsabi na lang na aalis na sila sa aming baryo. Nguni't iba ang nangyari. Nabalitaan kong nagkasakit nang malubha si Tale at ilang araw pa'y namatay.

At sapagka't sadyang magkakalapit ang kalooban naming magkakabaryo kahit na nga ang iba sa ami'y hindi man lang magkaka-anu-ano, hindi ko ikinapalagay ang nangyaring yaon kina Balintin. Pinuntahan ko si Balintin at ako'y nag-usisa. Malungkot namang ipinagtapat ni Balintin ang lahat. Labis daw n'yang ikinahabag sa kanilang buhay ang pagkahulog ni Tale sa hagdan nang dahil lamang sa salapi. At ito ang masakit. Ang tinamaan nila'y piso lamang pala — ambus. Kung ito ang naging sanhi ng karamdaman ni Tale, di namin masabi ni Balintin.

---

ITO'Y noong Miyerkoles nang gabi nangyari, sa barberya ni Nano. Napag-usapan ang parada sa kinabukasan. Akwatro-de-Hulyo kasi. May panggagalaiting isinabad ni Bestre na di siya makasasama sa parada. At nagkabaliktaktakan na...

—Sa lahat 'ata ng mga sinabi mo, Igang Bestre, e, d'yan sa 'sang 'yan di ako humanga. 'Ba, maaari bang linawin mo 'yan. Baka mapintasan kita, e, masira'ng pagkakaibigan natin. Tila me sama ka ng loob sa Presidente.

—Wala akong sintimyento o kuskos-balungos sa di pagsama sa parada bukas, Pare.

—O, e, ano't...?

—'Ba, pa'no naman ang gagawin mo sa buhay ko. Kailangan ko'ng bagong uniporme para bukas. 'Ala naman akong ibili. Mas'yado nang gastado'ng uniporme kong luma.

—Bakit, di ba may pens'yon kayong tinatanggap buwan-buwan?

—Meron. Kinse pesos.

—A, agrabyado ka, gano'n ba, Pare?




—'Ba, 'ala akong sinasabing ganyan, Pare. Ang tutoo'y nagpapasalamat ako't pinatatanggap kami kahit papa'no. Ang hirap nito, e... kulang pa sa hitso ni Barang ang tinatanggap kong pens'yong kinse pesos 'sang buwan, e.

(May Karugtong)



MANDRAKE ang SALAMANGKERO
mna LEE FALK at PHIL DAVIS
HINDI, NARDA, ANG KRISTAL NA PALASYONG IYON AY WALA ROON KAHAPON. MABILISAN ANG PAGGAWA RITO. IPINAGAWA KO IYON PARA SA IYO-- IBIG KONG MAKASAL KA SA AKIN--BILANG EMPERATRIS NG ISANG MILYONG PLANETA!
!
INIIBIG MO SI CAROLA-- HINDI AKO. AT INIIBIG KO SI MANDRAKE.
HINDI AKO NAGKAMALI SA PAGPILI SA IYO--KUNG GAANO KA KAGANDA'Y GANOON KA KATAPAT. OO, INIIBIG KO SI CAROLA--NGUNI'T TINANGGIHAN NIYA AKO.
SUBUKIN MO NGAYON--SA PALAGAY KO'Y NAGBAGO NA SIYA.
CAROLA, DINARAMDAM KONG NAGING ABALA AKO--NALIGTAAN KITA--
O, MAGNUS! TALAGA? TALAGA BA?
AKALA KO'Y UMIBIG KA SA KANYA--
INIIBIG KITA, CAROLA. PAKAKASALAN MO BA AKO?
?
4-28
KING FEATURES SYNDICATE, Inc., WORLD RIGHTS RESERVED.
NARDA, NANGAMBA AKONG UMIBIG KA NA SA KANYA --AT HINDI KITA JULD MASISISISI.
DARLING KO, ANO ANG GAGAWIN KO SA ISANG MILYONG PLANETA? NI ANG AKING TUKADOR AY HINDI KO MAAYOS.
ITUTULOY-


Johnny Tremain
ni Walt Disney
SUMUNOD SI JOHNNY KAY DOKTOR WARREN SA SILID NG GOBERNADOR MILITAR NG BRITANYA, UPANG MABATID ANG KINAHINATNAN NG BOSTON TEA PARTY...
SI DOKTOR WARREN AT ANG BATANG TREMAIN PO!
IPINATAWAG NINYO AKO, HENERAL GAGE...
IPINATAWAG KITA, DOKTOR, SAPAGKA'T IKAW ANG PINAKAMAKAPANGYARIHANG TINIG NG PANGKAT NG MGA REBELDENG TINATAWAG NA "MGA ANAK NG KALAYAAN."
ANG KAPALARAN NG BOSTON AY NASASAMESANG NAPAGIGITNA SA ATIN...!
'ANG UTOS KO'Y PALISIN ANG LAHAT NG TAGASALUNGAT SA KORONA! ANG MGA LABAG NA PANGKAT MILITAR, NA NAGSASANAY SA MGA TAGONG POOK, AY DAPAT ALISAN NG SANDATA!"
"BATID KONG MARAMING SANDATA ANG INIHAHATID NG MGA REBEL-DE SA CONCORD-- ANG MGA IYON AY DAPAT NA ISUKO AGAD!"
IYAN ANG DAHILAN KAYA KITA IPINATAWAG, DOKTOR WARREN!
HENERAL, ANG MALALAYANG TAO AY HINDI MAGSUSUKO NG TAGAPANGALAGA NG KANILANG KALAYAAN!
4-28
KUNG GAYO'Y IPATUTUPAD KO ANG AKING UTOS!
MAY TUNGKULIN KAYO -- AT MAYROON DIN KAMI!
Distributed by King Features Syndicate.
ALAM NA NATIN NGAYON, HINDI PO BA?
OO, JOHNNY-- ITO'Y DIGMA!
© 1957 Walt Disney Productions World Rights Reserved
ITUTULOY...

## SAKLOLO! SAKLOLO!

Hindi iniinda ang panganib ng bagyo, nakayapak na sumugod sa isang bukas na pagawaan si Chris Long.

—Saklolohan po ninyo ang Nanay ko. Nakandaduhan ko siya sa aming banyo.

Ang hiningan ni Chris ng saklolo ay si Gng. Herbert Aston. Sinamahan niya ang bata, at natagpuan nga niya si Gng. Shirley Long na nakakulong sa banyo. Ang batang siyang may kasalanan at tagahingi ng saklolo ay tatlong taong gulang lamang.


SANGKAP NA NAGPAPABABA NG LAGNAT SA

BAGONG PORMULA · MAY TATLUHANG BISA

CAFIASPIRINA

HIGIT NA MABISA KAYSA "KABABALAGHANG LUNAS"






Pagsubok na ginawa sa 150 Amerikanong Abiador ay nagpatunay sa kabilisan ng CAFIASPIRINA sa pagpapababa ng lagnat!

Mga pagsubok sa klinika na ginawa sa isang himpilan ng paliparan sa Estados Unidos sa 150 Aviador na binabagabag ng Influenza, bronkitis at sipon, ay nagpatunay na ang tampok na sangkap ng bagong Cafiaspirina ay pinabababa ang lagnat ng lalong mabilis kaysa mga tinatawag na kababalaghang lunas o "antibiotico." Ang kinalabasan ng pagsubok ay nagsasaad din na walang masamang bungang naidudulot, na paminsan-minsan kaagibat ng "antibiotico."

Ang Cafiaspirina ay nagdudulot ng hindi lamang isa kundi dalawang nagkakabisang pamawi ng kirot at saka ikatlong sangkap na dagling nagpapaginhawa sa panghihina, na laging kaagibat ng lagnat, kirot at sipon. Itong tatlong sangkap na "panlaban sa kirot" ay samasamang nagkakabisa, animo hatol ng manggagamot, nagdudulot ng dagli at banayad na ginhawa. At bago ninyo namalayan, ang kirot at sakit ay napawi na pati ang pamimigat ng katawan na laging kaagibat ng sipon, lagnat o sakit ng ulo.

Upang masugpu ang lagnat o sipon at muling sumigla...

Laging lumunok ng

BAGONG PORMULA · MAY TATLUHANG BISA


CAFIASPIRINA

3-KAGILAGILALAS NA "PANLABAN SA KIROT" SA BAWA'T TABLETA!


21-3


**Kapaki-pakinabang para sa inyo ...**

# PAGGAWA NG PINTO NG HARDIN




Ang dalawang haligi ay may sukat na 2" por 2" at may habang 3' 6" Tatlong putol naman ng mga pahalang na kahoy ang ikakabit sa dalawang haliging ito. Markahan ang mga pagkakabitan. Ukaan ang minarkahang haligi sa lalim na 7/8". Ang sukat ng mga pahalang na kahoy ay 2" x 1¾" at ikinakama sa uka sa mga haligi na tulad ng nasa larawan.




Turnilyuhan ang mga pahalang na kahoy sa bawa't dulo.


Sumunod na ikabit ang mga tablang may sukat na 1¼" x ¼" sa mga pahalang na kahoy. Ang harap ng mga tablang ito'y dapat mapantay sa harap ng mga haligi.

Ang mga pahalang na tabla ay ipinapako sa mga pahabang tabla. Upang maging matibay at matatag ang mga tabla, maghalang ng isang tablang ikinakabit na pahilis. (Tingnan ang larawan.)

Ikabit ang pintong mayayari sa matatag na mapagkakabitan. Gumamit ng mga bisagra.


Pinturahan ang pinto ng hardin kung ibig.

# PAGPUTOL NG SALAMIN



Ang pagputol ng salamin ay ginagamitan ng kasangkapang may diyamante ang dulo o kaya'y may napakatigas na metal upang hindi mabasag ang salamin at maiwasan ang pag-uukit-ukit ng mga gilid.

Para sa karaniwang gamit sa bahay, maaari na ang *steel cutter*. Kung kayo'y maghahalili ng bagong salamin sa bintana at kailangang putulin buhat sa isang pirasong salamin, ilapag ito sa ibabaw ng isang mesang patag na natatakpan ng makapal na tela. Sa ibabaw ng salamin ay magpatong ng isang putol na kahoy na may tuwid na gilid.



Dinidiinan ng pamutol ng salamin, paraanin ito sa itinakdang sukat. Gamiting gabay ang gilid ng ipinatong na kahoy.

Kung manipis lamang ang salaming puputulin, itapat na ang itinakdang sukat sa ibabaw ng gilid ng mesa at diinan ito ng pamutol.

Kapag di agad natanggal ang kaputol ng salamin, ibaligtad ito at marahang tapikin ng pamutol ang gilid (sa tapat ng sukat na pinuputol.)

Ang magagaspang o ukit-ukit na gilid ay maaaring pakinisin ng isang plais.


"Remember Me"
( Alaala Kita, Mahal Ko...)
IKA-18 LABAS
ang nakaraan:
HINDI SINAGOT NI TERESA SI LEANDRO. SA SAMA NG LOOB NG BINATA AY NAGDADALO SA MGA KASAYAHAN AT NATUTONG UMINOM NG ALAK, NGUNIT HINDI RIN MAKALIMOT. ISANG HAPONG SIYA'Y UMIINOM SA ISANG BAR, NAG-UUSISA ANG "HOSTESS" KUNG BAKIT SIYA NAGLALASING. NAROON DIN PALA SI JOHNNY, AT NANG MAKITA SI LEANDRO AY TUMAYO NA TILA MAY BINABALAK GAWIN...
NAUNTOL ANG PAGLAPIT NI JOHNNY NANG MARINIG NA BINANGGIT NI LEANDRO ANG PANGALAN NI TERESA...
...TERESA ANG KANYANG PANGALAN ...AT SIYA ANG UNANG BABAING NATUTUHAN KONG IBIGIN NANG BUONG KATAPATAN!
Katha ni EDDIE RAÑOLA
NAWALA SA ISIP NI JOHNNY ANG BINABALAK GAWIN. NAGING MAHALAGA SA KANYA ANG SINASABI NI LEANDRO TUNGKOL KAY TERESA. LIHIM SIYANG NAKINIG...
...NGUNIT TALAGANG HINDI NA AKO MAKATITIIS!... NGAYONG GABI AY PUPUNTAHAN KO SIYA AT PIPILIT NA KAKAUSAPIN! KAILANGANG MALAMAN NIYA ANG LAHAT... ANG MALABIS KONG PAGHIHIRAP...
UHUMM... AT PUPUNTA PALA NGAYONG GABI KINA TERESA! ...PAGKAKATAON KO NA ITO UPANG MAKAGANTI...
NGINGITI-NGITING BUMALIK SI JOHNNY SA MESA NILANG MAGKAKASAMA...
ANO'NG GINAWA MO ROON?
ANO BA ANG INIISIP MO'T...
MALALAMAN DIN N'YO!... AT NGAYO'Y KAILANGAN KO ANG INYONG TULONG!
KINAGABIHAN, PAUWI NA SINA TERESA AT RENE BUHAT SA KANILANG PAGHAHANAPBUHAY...
SINABI TAYO NGAYON, ATE! H'WAG NA TAYONG MAGLUTO! BUMILI NA LANG TAYO SA PANSITERYA!
OO... MALAKI-LAKI NAMAN NGAYON ANG KITA NATIN, E...
SAMANTALA, SA ISANG LUGAR NA DARAANAN NG DALAWA...
ALISTO KA, FELIX! PAGPASOK KO E ALISTUHAN NAMAN N'YO ANG LEANDRONG 'YUN, HA! MALAPIT NA RIN SIGURO...
KAMI 'NG BAHALA...
NANG NAGDARAAN NA ANG MAGKAPATID SA POOK NA IYON AY BIGLA NA LAMANG...
HESUS KO!... BITIWAN MO 'KO!... BIT...
ATE...!
NI HINDI NAGSASALITA ANG LALAKING NAGPIPILIT NA HALAYIN SI TERESA. UPANG IPAGTANGGOL ANG KAPATID AY MAHIGPIT NA HINAWAKAN NI RENE ANG KANYANG GITARA AT UBOS-LAKAS NA...
BRAM!
PULIS!... PULIIIISSSS!
NASAKTAN ANG LALAKI, NA DILI IBA'T SI JOHNNY, AT SA GALIT AY BINIRAHAN NG MATINDING SIKWAT SI RENE. NAPALUGMOK ANG BATA, KASABAY NG SIGAW NI TERESA...
DIYOS KO! ...RENEEEEEEE!
NAGKATAONG SA-DARAAN ANG ISANG "JEEP". HINDI NA NAITULOY NI JOHNNY ANG MASAMANG TANGKA SA DALAGA, AT MABILIS NA TUMAKBO...
RENE ...DIYOS KO PO! ...ANG KAPATID KO!...
SA DI-KALAYUAN AY DUMARATING NAMAN SI LEANDRO, NA TALAGANG PATUNGO KINA TERESA. WALANG KAMALAY-MALAY ANG BINATA AY PASUGOD NA SINASALUBONG SIYA NG DALAWANG KASAMA NI JOHNNY...
Smoke
VOTE
NAKALIGTAS SI TERESA, NGUNIT SI RENE ANG TILA NADISGRASYA. AT SI LEANDRO NAMAN AY WALANG KAMALAY-MALAY NA MAHUHULOG SIYA SA ISANG PAKANA!
ITUTULOY

# BALITANG PANDAIGDIG AYON SA KAMERA




**JAMA NAAAA! —** Patuloy na hinihipan ni Danny Kuck ng Dayton, Ohio ang higanteng lobo. Ang kapatid niyang babae, si Sandy, ay nagtakip na ng mga tainga samantalang nagtatapang-tapangan sa paghihintay sa pagputok ang isa nilang kalaro. (Larawan ng Wide World Photo)



**MAAMONG TORO —** Si Pan Welles, torerang nakapatay na ng dalawang torong-Mehikano, ay nagsasanay sa patyo ng kanyang bahay sa Forest Hills, N.Y. ng lalong mabisang pakikibaka na ang ipinalalagay na toro ay ang kanyang asong turuan. Tinatalian niya ng karne ang dulo ng patpat at iyon ang "sinusugod" ng aso.

**LUMULUTANG NA TAHANAN —** Dahil sa mabilis na pag-unlad ng kabihasnan, pati na ang bahay ay "naitatayo" sa dagat. Makikita sa larawan ang isang konkretong bahay na itinayo sa tubig, samantalang nagdaraan sa ilalim ng Michigan Avenue Bridge sa Chicago, matapos maitanghal sa isang kombensiyon ng mga manggagawa.



**"EASY KA LANG" —** May kahirapang masalang si Clara Antonelli, 21 taon, pagka't siya ang hinirang na pin-up girl ng mga sundalo sa likod ng kurtinang bakal at tinaguriang "Bb. Hukbong Komunista".



*ISANG BAGONG...* *(Buhat sa pahina 7)*

Kaugnay ng pagpapalawak ng mga "linya" ng MRR ay ibinunsod ni RM ang pagbubukas ng mga lansangang nakaugnay sa mahahalagang purok ng daang-bakal, sapagka't ayon sa kanyang pahayag nang kapanayamin sa tahanan ng naging Pangalawang Pangulong Eugenio Lopez, "ang pagpapaunlad sa mga lansangan ay makatutulong sa kabuhayan ng bansa."

Tungod sa hangaring ito, mga dalubhasa sa industriya ang hinirang ni RM na mga kagawad ng lupong pamunuan ng MRR. Hinirang din niyang tagapamahala ng MRR si Koronel Villa dahil sa "kakayahan at karanasan," aniya.

(Si Koronel Villa ay isang taong nag-aral noong 1951 sa malalaking kompanya ng tren sa Baltimore, Ohio, Pennsylvania, Chesepeake at New York, EU tungkol sa pamamahala . Perokaril, bukod sa nagmasid sa Pransiya, Gran Bretanya at Espanya.)

Palibhasa'y pangunang lunggati ni RM na mapaunlad ang mga nayon, hindi nabigo ang mga mamamayang dumulog at humingi ng tulong sa kanya sa pagpapagawa ng mga lansangan.

Halimbawa, sa kahilingan ng mga mamamayang pinangunahan nina Gobernador Francisco Infantado; Jose Basa, kagawad ng hunta probinsiyal; panlalawigang Ingatyaman Nicolas Galvez, iniutos ng "Kampeon ng Mahihirap" sa noon ay Kalihim Vicente Orosa ng Kagawaran ng mga Gawaing-Bayan na magpalabas ng ₱50,000 buhat sa pondong panlaan para sa pagpapagawa ng lansangan sa mga nayon sa Mindoro Oryental.

Sa kahilingan din nina Kinatawang Samuel Reyes; Jose Villareal, inhinyero ng distrito, at Alkalde Pedro Lactao ng Manlig, Isabela ay itinagubilin ni RM ang pagpapalabas ng ₱100,000 para sa pagbubukas ng mga lansangan sa nabanggit na lalawigan.

Nguni't bakit madaling magpasiya si RM sa suliranin ng mga nayon? Nang kapanayamin ng mga mamamahayag sa tahanan ni Senador Lopez sa Lunsod ng Pasay ay ipinaliwanag ng "Idolo ng Bayan":

"Maninindigan ako sa aking dating patakaran na ang pinakamabuting sandata laban sa panghahamig ng mga komunista sa **karaniwang tao** ay pagpapatunay na makagagawa nang higit ang demokrasya sa pagpapaunlad sa kapakanan ng sambayanan sa pamamagitan ng mga pagbabagong panlipunan."

At sa talumpating binigkas sa kolehiyo ng pagsasaka sa Los Banyos, Laguna noong Oktubre, 1954 ay ipinagunita ni RM ang pakinabang na natatamo ng mga mamamayan sa pagbubukas ng mga lansangan:

"Napadadaloy sa mga baryo ang sariwang buhay at bagong mga kaisipan. Sa ilalim ng limang taong palatuntunan sa pagpapaunlad sa mga kalsada ay libu-libong kilometro nito ang gniagawa, nag-uugnay sa mga liblib na purok at sa mga pamilihan."

Naging kasiyahan ng "Kampeon ng Mahihirap" na makitang natutupad ang kanyang lunggating madulutan ng sapat na kaluwagan sa paglalakbay ang madla. Pinangunahan niya ang mga sangay ng pamahalaan sa pagsasakatuparan sa pagpapaunlad sa kalagayan ng mga nayon.

Nang pinsalain ng bagyong "Nancy" ang Cagayan Valley noong Oktubre, 1954 ay madaliang nagtungo roon si RM, kasama ang Kalihim Orosa, Kalihim Paulino Garcia ng Kagawaran ng Kalusugan, naging Tagapamahalang Pacita Madrigal Warns (Senadora Gonzales ngayon) ng SWA, Direktor Fernando, Direktor Tranquilino Elicaño ng mga Pagamutan at iba pang matataas na pinuno.

Sinamahan ng naging Pangalawang Kalihim Juan Paraiso ng mga Gawaing-Bayan, Kalihim Eulogio Balao ng Tanggulang Pambansa, Brigadyer Heneral Manuel Cabal ng Konstabularya at Brigadyer Heneral Pelagio Cruz ng **National Intelligence Coordinating Agency** (NICA), sinuri ni RM ang pag-aaspalto ng 80 kilometrong lansangang pambansa buhat sa Tugegaraw, Kagayan hanggang Ilagan, Isabela.


Nagalak si RM nang makitang 15 kilometro na ng proyektong lansangan ang naaspaltuhan sa loob lamang ng maikling panahon. Pinuri niya sina Orosa, Paraiso at Fernando. At sinabi niya:

"Ang lansangang pambansang nag-uugnay sa Kagayan at Isabela ay mabuti ngayon kaysa nang dumalaw ako rito noong bago maghalalan."

Nang pagpatalastasang tatlong inhinyero ng hukbo ang ipinadala sa Cagayan Valley upang tumulong sa pagsasaayos ng mga lansangan, paaralan at bahay ng mga mamamayan, ay inatasan ni RM si Heneral Cabal na maiwan at pangasiwaan ang magkasanib na pangkat ng hukbo at mga Gawaing-Bayan.

Sa kahilingan ni Alkalde Vicente Ferrer ng Tamawini ay inatasan din ni RM si Orosa na magpalabas ng ₱3,000 para sa pagsasaayos ng mga paaralang nawasak ng bagyo. Dahil sa karamihan ng tinang-

*(Sundan sa pahina 31)*




**O, SEY KEN YU SI** — Ang nakatanim na bandila ng Amerika na nasa Roger Williams Park sa Providence, R. I. at binubuo ng 50,000 halaman. May sukat na 11 at 14 na talampakan, ito'y nakatatawag ng pansin ng maraming tao, laluna ng mga turista.


## Ang Makabagong Paraan ng Paggawa ng Kayarian ng Goma ang Dahilan Kung Bakit ang Gomang Firestone Ay Nari-retread Nang Ilang Ulit




**. . . karagdagang milya ng murang serbisyo sa milyun-milyong gumagamit ng Firestone!**

**Tingnan din ito**

• **5 MABUTING DAHILAN kung bakit kayo'y nagtatamo ng KALIGTASAN SA BAGONG GOMA na mura pa nang ½ ng HALAGA NG BAGONG GOMA... sa FIRESTONE FACTORY-METHOD NEW TREADS**




1. **Dobleng Pakinabang SA LANSANGAN MAN O HINDI**
2. **65% LALIM NG HIBLA na may gomang di-nahihiwa**
3. **MATIBAY AT MATIGAS NA MGA BARA NG TRAKSIYON para sa ibayong katatagan**
4. **WALANG PATID NA CENTER RIBS para sa matagal na gamit**
5. **KARAGDAGANG GAMIT SA MILYAHE sa bawa't gomang Firestone**

**Firestone TIRE & RUBBER CO. OF THE PHILIPPINES**

**RETREAD & TIRE REPAIR PLANTS: DAVAO * MANILA * CEBU**

Makinig sa "The Voice Of Firestone" Tuwing Lunes, 8:30-9:00 N.G. sa DZRH

**Tunay na Pangyayari**



"Napaiyak din ako at halos mapabulalas nang panangis..."

# "ITO NA ANG PARUSA"

**Pagtatapat ng isang Relohero**

**kay Benito R. Cadiz**

ITO'Y tunay na nangyari sa akin. Basahin sana ninyo at pakaisipin ang mga pangyayari sapagka't may napakagandang iniaaral.

Simula nang ako'y magkaisip ay nagisnan ko na ang magandang pagtitinginan ni Ama at ni Mang Siso. Si Ama at si Mang Siso ay magkumpare. Inaanak sa binyag ni Ama ang anak ni Mang Siso, si Lolita.

Kami ni Lolita ay mabuti rin ang pagtitinginan. Mula pa sa pagkabata ay lagi kaming magkalaro, magkasama sa pagpasok at sa paglabas sa eskuwelahan. Malimit din kaming magkasama sa pagsisimba sa simbahang katoliko sa aming purok.

Maganda si Lolita. At nang kami'y magbinata't magdalaga ay hindi ko napaglabanang tubuan ng lihim na pag-ibig sa kanya. Kaya nang minsang magkasarilinan kami ay lakas-loob na ipinagtapat ko sa kanya ang aking damdamin.

—Malaon na rin kitang minahal... —ang naisagot sa akin ni Lolita. —Nguni't...

Hindi na niya nadugtungan ang kanyang pangungusap. Parang hindi niya mabigkas ang bagay na nais pa niyang sabihin. Hindi naman naging mahalaga sa akin ang malaman kung ano ang nais pa niyang sabihin. Ang tanging mahalaga sa akin ay tinugon din niya ng pagmamahal ang inihandog kong pag-ibig. At sa kauna-unahang pagkakataon, nagtalik kami noon ni Lolita sa kaluwalhatian ng puso't kaluluwa.

Nalaman ni Ama ang pagiibigan namin ng kanyang inaanak, at natuwa pa siya sa pangyayaring iyon.

—Talagang si Lolita ang gusto kong maging asawa mo kung tutubuan ka ng pag-ibig sa kanya at kayo'y magkakaibigan. Si Lolita ay mabuting bata. Maipagkakapuri mo siya sa lahat. At maging si Pareng Siso ay isa ring huwarang ama...

Buhat noon ay napansin kong lalong tumamis ang pagtitinginan ni Ama at ni Mang Siso. Minsa'y narinig ko pang nagtawagan na sila ng "balae", bagaman parang pagbibiruan lamang. Hindi makakailang sang-ayon di si Mang Siso sa pag-iibigan namin ni Lolita. At iyan ay pinatunayan naman sa akin ng aking kasintahan nang minsang kami'y muling magkasarilinan.

—Tuwang-tuwa ang Tatay nang malaman ang tutoo... —sabi sa akin ni Lolita. —Talaga raw palang ikaw ang napipisil niyang maging manugang. Mangyari'y mabait ka raw... at mababait din ang mga Ninong...

—Ang sabi naman ng Itay ay mabait din daw tayo, — may pagbibiro kong sagot. — At dahil sa kapuwa tayo mabait, na buhat sa angkan ng mababait, nasisiguro kong ang magiging anak natin ay ubod na ng kabait-bait-bait-baitan!

Masayang nagkatawanan kami ni Lolita. At ang pag-uusap naming iyon ay minsan pang nauwi sa ganap na pag-uulayaw ng aming mga puso.

Isang bagay ang napapansin ko kay Lolita: hindi rin mawala sa kanyang mukha at anyo ang paminsan-minsang anino ng kalungkutan. Tila baga may bagay na nagpapahirap sa kanyang damdamin na di naman niya magawang ihayag. May inililihim siyang isang bagay, kung ano ay siyang hindi ko malaman. At ayaw ko namang mag-usisa.

Patuloy ang karaniwang lakad ng mga pangyayari. Hanggang sa dumating ang araw na itakda ang pag-iisang dibdib namin ni Lolita. Maligayang maligaya ako. Sa wakas ay magiging ganap nang akin ang babaing minahal ko sapul sa aming pagkabata. Maligaya rin si Lolita, sampu ng aming mga magulang.

—Pag tayo'y kasal na, sisikapin kong makapagtayo tayo ng sariling tahanan, —ang sabi ko kay Lolita, isang araw na magtungo ako sa kanilang tahanan. —Ganyan din ang nais ng Itay. Higit daw tayong magiging maligaya kung tayo'y nagsasarili, gaya ng naging karanasan nila ng Inay.

Hindi sumagot si Lolita. Tinitigan niya ako. Malungkot ang kanyang anyo.

—Bakit, may dinaramdam ka ba? —ang aking usisa.

Nagbuntunghininga siya, at mahigpit na hinawakan ako sa kamay.

—May nais akong ipagtapat sa iyo... —gumagaralgal ang kanyang tinig nang magsalita. —Nguni't ipangako mo sana sa akin na hindi ka magbabago ano man ang malaman mo tungkol sa akin... sa amin.

—Walang bagay o pangyayaring makapagpapabago sa pag-ibig ko sa iyo, mahal ko, —ang sagot ko namang nag aalapaap ang kalooban.

At ipinagtapat sa akin ni Lolita ang isang bagay na dili ang di nakayanig sa aking dibdib. Ang bagay na iyon ay siyang dahilan ng malimit na pangungulimlim ng mukha ni Lolita kung kami'y nag-uulayaw. Iyon ang labis na nagpapahirap sa kanyang kalooban pagka't hindi niya maibunyag sa akin. Minarapat niyang ipagtapat na noon sapagka't ayaw niyang masumbatan ko siya kung sakaling kami'y kasal na.

-Ang ipinagtapat sa akin ni Lolita ay hindi ko ikinaiahimik. Naging sanhi iyon ng aking pag-aalanganin kung dapat pang matuloy ang aming kasal. At sa wakas, matapos kong pag-aralan at isipin ang lahat, ipinasya kong umurong sa kasal namin ni Lolita. Isang umaga ay palihim na umalis ako sa amin at nagtungo sa malayong bayan. Isang sulat ang iniwan ko kay Ama na siyang nagpapaliwanag ng lahat:

**ITAY,**

**Nahihiya ako sa inyo. Ang babaing napili ko upang kasamahin sa buhay ay isa palang batik sa inyong karangalan. Si Lolita na rin ang nagtapat sa akin. Ang kanyang ama pala, si Mang Siso, ay isa raw kriminal at matagal na nabilanggo noong binata pa. Kaya pala napapansin ko noon pa mang araw na marami tayong kakilalang tila ilag kay Mang Siso at mayroon ding nag-ukol sa kanya ng mga tinging tila may pag-aglahi. Salamat at natuklasan ko ang katotohanan habang may panahon pa. Ayaw kong dungisan ang malinis ninyong pangalan sa pag-aasawa ko sa isang babaing may batik ang karangalan.**

**Kaya nga minarapat kong lumayo. Babalik din ako pagkalipas ng ilang panahon... kung limot na ng lahat ang pangyayaring itong tiyak na lilikha ng alingasngas.**

**Ang inyong anak**

Buhat nang lumayo ako ay lumipas ang mahigit na isang taon. Ipinalagay kong tapos na ang alingasngas na ibinunga ng pag-urong ko sa kasal namin ni Lolita. Kaya bumalik na ako sa amin.

Napaiyak si Ama nang kami'y muling magkita. Ibinalita niya sa akin na wala na sina Lolita sa aming kalapitbahay. Ipinagbili na raw ni Mang Siso ang kanilang bahay at aywan kung saan lumipat ng tirahan. Minarapat daw ng mag-ama na lumayo dahil sa sinapit na kahihiyan sa ginawa kong pagtalikod kay Lolita.

Subali't... higit pa sa aking Ama, napaiyak din ako at halos mapabulalas ng panangis kung hindi ko napigil ang aking sarili. May isang bagay pang ipinagtapat si Ama na siyang halos di ko mapaniwalaan.

—Nakagawa tayo ng napakalaking pagkakasala sa mag-amang iyon na mahuhuwaran na sa kabutihan at kadakilaan... —ang sabi ni Ama na patuloy sa di mapigil na pagiyak. —Iniwan mo si Lolita, dinulutan natin sila ng malaking kahihiyan dahil sa paniniwala mong si Pareng Siso ay isang kriminal... isang naging bilanggo!... Nguni't nalalaman mo bang kung may higit na dapat layuan at pandirihan ng kapuwa ay walang iba kundi ako? Ako, na siyang tunay na kriminal at inako lamang sa pagkakasala ng isang taong gumawa ng walang kapantay na pagpapakasakit?

At ibinunyag sa akin ni Ama ang katotohanang nalilihim sa kabatiran ng lahat. Binata pa raw sila ay parang magkapatid na ang pagtuturingan nila ni Mang Siso. Si Mang Siso raw ay may isang kapatid na dalagang lihim na nagugustuhan ni Ama nang panahong yaon na hindi pa niya nakikilala ang aking ina. At minsan daw na mapasubo sa away si Mang Siso ay tinulungan niya sa hangad na makapagpakitang-gilas at maging "maganda" sa paningin ng dalagang kanyang napupusuan. Sa pakikipag-away daw nila ay



si Ama ang nanaksak sa isa nilang kaaway na humawak ng kaputol na bakal. Siya ang nakamatay at hindi si Mang Siso. Dahil lamang daw sa pagtingin sa kanya ni Mang Siso at sa pagkaawa sa aking Lola na noon ay kay Ama lamang umaasa ng pagkabuhay at tangkilik, kung kaya gumawa si Mang Siso ng napakalaking pagpapakasakit. Si Mang Siso ang umako sa pagkakasala ni Ama at siyang umaming nakamatay. Kaya si Mang Siso ang tinaguriang kriminal at siyang nabilanggo nang mahigit na limang taon.

—Ngayong malaman mo ang katotohanan, anak... ay isipin mo kung gaano kalaking pagkakasala ang nagawa natin sa mga taong iyon na kulang pang tumbasan natin ng buhay ang nagawang mga kabutihan sa atin! Isipin mo, anak... isipin mo...! —at parang batang patuloy na umiyak si Ama.

Buhat noon, hanggang ngayon, ay lumipas na ang mahigit na apat na taon. Subali't patuloy pa rin ako sa bigong paghahanap sa dalawang kaluluwang nagawan ko ng napakabigat na pagkakasala, na aywan kung saan na ipinadpad ng kapalaran.

Hindi ko malaman kung sila'y muli ko pang matatagpuan. At kung sakali mang itulot ng Diyos na kami'y muling magkita, ay aywan din kung matatamo ko pa ang kanilang kapatawaran.

Subali't ngayon... ang paghihirap ng aking kalooban at ang nadarama kong pagdurusa ng aking puso ay siya na marahil bahagi ng parusa sa akin ng Langit. Ito na ang parusa sa nagawa kong pagkakasala na bunga ng pabiglabigla kong pagpapasya at paghatol sa aking kapuwa! (X)

## *Espanyola*

(*Buhat sa pahina 20*)

At, nang makababa ang inalalayan ay tumambad sa balana ang isang dalagitang Espanyola.

Parang namalikmata si Angelito sa pagkakatingin sa dalagitang bumaba sa karwahe. Ibang-iba iyon kay Teresa. Kung paghahambingin si Teresa at ang dalagitang Espanyola ay malaking-malaki ang pagkakaagwat; isang buwan at isang tinghoy. Isang buwang nasa kabilugan ang dalagitang Espanyola at isang tinghoy na aandap-andap ang liwanag si Teresa.

Noon pa, batid na ni Angelitong aasam-asamin niyang magtag-ani; na, gumagapas siya't sa kanyang likuran ay namumulot ng palay na nakatakas sa kanyang lingkaw ang dalagitang Espanyola.

—Pero... hindi siya mamumulot ng palay, —naniniim ang katotohanan sa kanyang isip. —Mayaman sila... mayaman si Don Alfonso ...

At, sa kauna-unahang pagkakataon ay nakadama ng kirot sa kanyang puso si Angelito. Tumalikod siya't tungo ang ulong nakisiksik sa mga taong halos nagkakagulo sa paghahangad na makita ang dalagitang Espanyola sa pagpanhik sa Villa Montserrat. Hindi na namalayan ni Angelito ang pagsunod sa kanya ni Teresa.

SUBAYBAYAN ANG NOBELANG ITONG BAWA'T YUGTO'Y KAPANAPANABIK AT MAGDUDULOT SA INYO NG KASIYAHAN.

(ITUTULOY)


# Kung hindi Kayo makapagsepilyo tuwing matatapos Kumain

**Minsang Pagsesepilyo lamang sa pamamagitan ng COLGATE DENTAL CREAM ay**

- ✔ **_Maghapong_ Sumusugpo sa Pagkasira ng Ngipin!**
- ✔ **_Karakarakang_ Pumapawi sa Masamang Hininga!**
- ✔ **Pinananatiling _Maganda't Malinis_ ang Ngipin!**



Karaka-rakang nagkakabisa ang Colgate's upang masugpo ang masamang hiningang nagsisimula sa bibig sa 7 sa bawa't 10 pangyayari. Minsang pagsesepilyo lamang ng Colgate's ay iniiwang higit na malinis at sariwa ang inyong bibig sa loob ng 12 oras o higit pa. Sadyang naiibigan ng kabataan ang kasiya-siyang lasang maanghang ng Colgate's. Kaya't naiibigan nilang gamitin lagi ang Colgate's sa pagsesepilyo ng ngipin tuwing matatapos kumain—ang pinakamabuting paraan na napag-alamang nakababawas sa pagkasira ng ngipin. Tandaan, upang matiyak ang ganap na kalusugan ng ngipin ay makipagkita sa inyong dentista makalawang beses sa isang taon.

*Sapagka't*

**Colgate's ang tanging panlinis sa ngipin na may GARDOL* na sumusugpo sa pagkasira ng ngipin sa buong maghapon!**

Kaya't ang Colgate's ay hindi lamang lubusang nililinis ang ngipin — hindi lamang pinakikislap at pinagaganda ang ngipin — hindi lamang ganap na pinababango ang hininga — nguni't sinusugpo rin ang pagkasira ng ngipin sa loob ng 12 oras o higit pa!



Minsang pagsesepilyo ng Colgate's sa umaga —at minsang pagsesepilyo sa gabi—ay nagbibigay ng maghapon at magdamag na pananggalang laban sa nakasisirang asido. Ang Gardol ng Colgate's ay bumubuo ng pananggalang sa buong maghapon! May kasiya-siyang lasang maanghang na naiibigan ng buong pamilya.

* Colgate's Trade-Mark for Sodium N-Lauroyl Sarcosinate




*Itinatagubilin ng*
PHILIPPINE DENTAL ASSOCIATION


**Ang Pinakamabiling "TOOTHPASTE" Sa Pilipinas ...Sa E.U.A. ...Sa Buong Daigdig!**

# ibá't ibang Kulay sa puting tabing

ni eddie rañola



*Ang mabilis bumunot ng rebolber ay siyang mabubuhay sa tagpong ito sa "KALIBRE 45" ng Premiere. Magduduwelo sina Efren Reyes at Danilo Montes.*




*Namalikmata wari si Rita Gomez sa kakisigan ni Fred Montilla. Ano naman kaya ang nakikita ni Fred...? Ito'y tagpo sa "BATANG BANGKUSAY" ng Sampaguita na pinamamahalaan ni Conrado Conde. Kasamang tumutupad ng pangunang papel si Van de Leon.*

*Tila nagkakatampuhan sina Mario at Cecilia sa di malamang dahilan sa tagpong ito sa "PINTOR KULAPOL" ng LVN na pinamamahalaan ni Rino Bermudez.*



Kung namamasyal kayo o napaparaan sa Abenida Rizal, marahil ay nakikita ninyo ang isang babaing nasa isang malaking tindahan. Kung may bibilhin kayo o may titingnan sa tindahang iyon ay malugod at nakangiting sasalubungin kayo ng tinutukoy naming babae. Aywan kung ganap na mapag-uukulan ninyo siya ng pansin. Nguni't pagmasdan ninyo siyang mabuti. Kung kayo'y tagatangkilik ng mga pelikulang tagalog noon pa mang bago magkadigma, mapapansin ninyong hindi bago sa inyong paningin ang mukhang inyong kaharap. Hindi pa nagbabago ang kalugud-lugod niyang anyo... at nababakas pa sa kanya ang angking kagandahang hindi matabingan ng panahon.

Ang babaing iyon ay minsang sinamba ng di-mabilang na nilikha. Dumaan ang panahong ang luningning ng babaing iyon sa langit-langitan ng puting-tabing ay pinangimbuluan ng maraming bituin.

Nguni't ngayon, tila naglaho na ang lahat! Ang bituing iyon ay waring limot na ng madla at ni hindi na nababanggit man lamang sa mga pahayagan kahit na sa kapirasong balita.

May magandang inihahalimbawa ang bituing iyon sa mga "sikat" at tanyag na bituin sa kasalukuyan.

---

*Minsan pang darayo sa Pilipinas ang ilang bituin ng Hollywood upang gumawa rito ng pelikula. Nakatakdang dumating dito sa buwan ng Septiyembre sina Patricia Medina, Lex Barker at Mary Murphy upang gawin ang isang malaking produksiyon — ang Stairway To The Sun.*

*Sina Efren Reyes at Tita Duran ay magsisitupad ng malalaking papel sa pelikulang ito, gayundin ang ilan pang mga tanyag na bituin ng Premiere. Pamamahalaan ni Direktor Gerardo de Leon, ang produksiyong ito'y sa pagtutulungan ng C. Santiago Film Organization at ng Jacmar Productions.*

*Ang Stairway To The Sun ay isasapelikula sa Mandawe, Lalawigang Bulubundukin.*

---

Nang magkaroon ng isang munting kasayahan ang mga taga-Premiere bilang pagsalubong kina Prodyuser Cirio Santiago, Direktor Gerry de Leon at Pablo Santiago na nagsipaglakbay sa Estados Unidos at Europa ay naging masaya ang lahat. Isang taga-LVN ang kasamang sumalubong sa mga dumating at nakigalak sa mga taga-Premiere — si Nida Blanca.

Sa pagkakataong iyon ay isang bagay ang napansin ng marami: Naging lubhang magiliw ni Zaldy Zshornack kay Nida, laging kinakausap at nang magsalusalo ang lahat ay ilang ulit na sinubuan pa ni Zaldy ng pagkain.

Ang magiliw na pakikitungo ni Zaldy sa bituin ng LVN ay maaaring walang ano mang "kulay" kundi isang magandang pagtuturingan lamang ng dalawang artista. Nguni't ang gayon nga ay nagkaroon ng ibang pakahulugan sa ilan, laluna sa "mga pusong malapit sa dalawang bituin".

---

*Marami ang nananaghili ngayon kay Nida. Hindi naman sa kung anong dahilan kundi dahil sa kanyang ba-*

**Ipadala sa pitak na ito ang ano mang maibabalita ninyo tungkol sa hinahangaan ninyong mga bituin. Halimbawa'y isang pangyayaring nasaksihan ninyo sa kanila; isang maikling karanasan ninyo sa kanilang piling; o ano mang balitang mababanggit ninyo tungkol sa kanila. Ipadala sa pitak na ito at ilalathala naming kalakip ang inyong pangalan. Ito'y isang pagkakataon upang maipakilala ninyo sa kanila na sila'y mahalaga sa inyong puso. Pag nabasa nila ang inyong pangalan ay makikilala nila kayo at kaipala'y di na malilimot kailanman.**



*Nida Blanca*

Bituin ng LVN